



United Church of Church in the Philippines  
SOUTH LUZON JURISDICTIONAL AREA

Quadrennial Theme:  
*Spirituality for these Critical Times*

**Ika-9 na Linggo ng Pamamayani ng Diyos (9th Sunday in Kingdomtide)**  
**Ika- 22 ng Oktubre 2017**  
(Aralin para sa Matatanda )

***Ang Disiplina Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos***  
**(Discipline as Kingdom Value)**

### **MGA ARALING TALATA SA BIBLIA**

Lumang Tipan: *Mga Kawikaan 29: 11*  
*Ang palagay ng mayaman ay marunong siya*  
*Ngunit ang mahirap na may unawa ay mabuti pa sa kanya.*

*I Samuel 21: 1 - 8*

*Si David ay nagpunta sa Nob at nagtuloy siya kay Saserdote Ahimelec. Sinalubong siya nito at nanginginig na tinanong, "Wala kang kasama? Bakit ka nag-iisa?" Sumagot si David, "Inutusan ako ng hari at ayaw niyang ipasabi kahit kanino. Iniwan ko ang aking mga kasama. Nagpapahintay na lang ako sa kanila. Ano bang makakain diyan? Bigyan mo ako ng limang tinapay o kahit ilan ang nandiyan."*  
*Sinabi ng punong saserdote, "Walang tinapay dito kundi ang panghandog. Maaari ko itong ibigay sa inyo kung ang mga kasamahan mo'y hindi sumiping sa babae bago magpunta rito."*  
*Sumagot si David, "Ang totoo, hindi kami sumisiping sa babae kailanma't may lakad kami, kahit pangkaraniwan lamang, ngayon pa kaya na di karaniwan ang lakad namin?"*  
*At ibinigay ng saserdote kay David ang tinapay na panghandog na hindi pa natatagalang kunin sa harapan ni Yahweh pagkat ang mga ito'y pinalitan ng bago nang araw na yaon. Nagkataong naroon si Doeg na Idumita at pinakapuno sa mga pastol ni Saul, upang sumamba kay Yahweh.*  
*Tinanong pa ni David si Ahimelec, "Wala ka bang sibat o tabak diyan? Hindi ako nakapagdala kahit anong sandata sapagkat apurahan ang utos ng hari."*

Bagong Tipan: *I Corinto 9: 25*  
*Lahat ng manlalarong nagsasanay ay nagpipigil sa sarili sa lahat ng bagay upang magkamit ng isang putong na panandalian lamang, ngunit ang putong na hinahangad natin ay panghabang panahon.*

### **PANGKALAHATANG TEMA**

Ang iglesya ay nananatili sa pagpapahalaga at prinsipyo na siyang maghari kaysa sa pansariling interes.

**SUSING KAISIPAN**

*Ang iglesya ay nagtuturo sa atin na isagawa ang disiplina at itaguyod ang katiwasayan sa loob at labas ng iglesya.*

**PALIWANAG UKOL SA TALATA**

Sa I Samuel 21: 1-8 makikita natin si David na tumatakas patungo sa tahanan ng Diyos sa Nob kung saan nakatalagang pari ay si Ahimelec. Kailangan niyang makaalis kay Saul dahil ito'y galit sa kanya. Tinulungan siya ni Jonathan na anak Saul at kanyang kaibigan na makatakas dahil alam niyang papatayin ni Saul si David. Nang dumating si David at ang kanyang tauhan sa templo, sila ay gutom na gutom at walang pagkain doon liban sa tinapay na panghandog. Ibinigay ni Ahimelec sa kanila ito dahil walang ibang pagkain na maaaring kainin.

Sa kuwentong ito, makikita natin na ang pangunahing iniisip ni David ay ang pangangailangan ng kanyang mga tauhan kaysa yung mga obligasyong ritwal at tradisyon ng relihiyon. Sa paghahanap niya ng pagkain, mas inisip niya ang kapakanan ng kanyang mga tauhan kaysa sa personal na pangangailangan. Naging malaya siya sa kanyang pagdedesiyon para lang tiyakin na hindi magugutom ang kanyang mga tauhan. Sa ganitong diwa, ipinakita niya ang uri ng disiplina na nakatuon sa kapakanan ng iba, kahit sa puntong labagin niya ang kautusan.

Ang ginawa ni David na kunin ang tinapay para sa kanyang mga tauhan ay maaari niyang ikapahamak subalit ito'y lantay na pagpapatunay ng kanyang pagmamalasakit sa iba bago ang sarili.

Ang tunggalian sa mga iglesya ay karaniwan at palaging nakasentro ito sa pamumuno. Kung ang pamumuno ay hindi nagpapakita ng hindi pagkamakasarili, hindinagpapakita ng pagmamalasakit at pagtugon sa pangangailangan ng mga taong umaasa sa pamunuan, ang alitan ay mas lalala kaysa ito ay malutas. Ang iglesya ngayon ay nangangailangan ng mga pinunong may gayong disiplina, isinasantabi nila ang sariling interes at inuuna ang sa iba na naglagay sa kanya sa gayong katayuan. Ganito ang tatak ng tunay na disipulo ng Panginoon, siya na palaging nagmamalasakit at palaging iniisip ang iba bago ang kanyang pangangailangan at maging ang kinabukasan. Tulad ni David, alang-alang sa mga nagugutom, dapat siyang maging handa na baluktutin ang mga kautusan, unawain ang mga tradisyon sa liwanag ng kalayaan para tugunan ang pangangailangan at itaas ang kanilang kalagayan.

**GABAY SA MGA GURO**

Tulad ng mga Hebreong lumaya sa pagkaalipin sa Ehipto, lubhang makakaiba subalit naging isang bansa, ang iglesya ay kalipunan ng mga tao na may iba't ibang pinanggalingan. Kung paano napapanatili ng iglesya ang kanyang pagkakaisa ay sa pamamagitan ng disiplina, yaong sinasabi ni Calvin na mga litid na nagbibigkis sa iglesya. Bawat kaanib ay dapat magpailalim sa pangangalaga, aral, desisyon, atas at pamumuno ng iglesya.

Ang kristiyanong espiritwalidad ay tumataas kapag ang kontrol ng pansariling interes sa pag-uugali ay bumababa. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng disiplina ng iglesya kung saan ang

mga kaanib ay nagkakaroon ng kakayahang supilin at sa kinalaunan ay palitan ang makasariling interes na nagtatakda ng kanyang kilos. Ito ang magiging tanging pangyayari sa paglalakbay tungo sa pagkakaroon ng ganap na espiritwalidad.

Ang kahinugan ng espiritwalidad ng iglesya ay masusukat sa puntong nagagawa ng mga kaanib na ipailalaim ang kanilang interes upang magkaroon ng nagkakaisang suporta sa pang-institusyonal at pang-organisasyonal na layunin ng iglesya. Ang mga lihim na balak o makasariling interes ay dapat mahayag at maisantabi at hayaan ang obhetibo at matapat na mapag-usapan ang mga isyu. Ang isa pang tanda ng lumalago sa pagiging hinog sa espiritwalidad ay makikita kung paanong ang pagkakaiba at tunggalian sa mga opinion ay pinaghahawakan at nireresolba. Ang pagkakaiba sa pagkaunawa at pangangatwiran ay hindi maiiwasan subalit kung mayroong patas at pamamaraang may partisipasyon ang lahat sa pag-aayos ng pagkakaiba-iabang ito, ang tamang desisyon ay makakamit. Ang pagsasanay sa disiplina ng iglesya ay pagsasanay sa pagigigng mamamayan ng pamayanan ng Diyos. *(Isinalin sa Tagalog ni Rev, Luisito H. Saliendra)*

## LAYUNIN

Pagkatapos ng pag-aaral, ang mga mag-aaral ay nagagawang:

1. Masabi ang kahulugan ng disiplina at pagpipigil sa sarili;
2. Mailarawan ang sariling disiplina na kaugnay ng disiplinang kristiyano;
3. Magbigay ng dahilan sa kahalagahan ng disiplinang kristiyano para sa mga mananamalataya;
4. Matasa ang antas ng sariling disiplina batay sa disiplinado kilos nagagawa;
5. Magpahayag ng pagtatalaga na isabuhay ang disiplina para itaguyod ang ganap na pag-ugnayan sa loob at labas ng iglesya.

**MGA GAGAMITIN:** Biblia; malaking papel na nakasulat ang siyam na katangian ng pamamayani ng Diyos bilang bunga ng Espiritu at mga angkop na talata sa tapat nito; papel na susulatan ng pangako

## KASANAYAN SA PAGKATUTO (Learning Experiences)

### A. PANIMULAN GAWAIN/ PANANAMBAHAN

1. Pagbati at Pagtanggap
2. Panimulang Panalangin

Mahal naming Diyos, Salamat po sa kaloob Ninyong buhay at sa pagtuturo Ninyo sa amin ng kahalagahan ng pagsunod. Patuloy kami sumasamo na kami ay inyong pagpalain at tulungan kami na huwag magsawang maglingkod sa kapwa. Ito po ang aming panalangin. Sa Pangalan ni Hesus, Amen.

3. Pasimulang Awitin: “Buhay Kay Kristo”  
(Living for Jesus HFJ#289)  
(Una at Ikalawang Saknong Lamang)

### B. PAGHAHANDA

Pagtalakay sa mga mahahalagang Salita.

- a. Galit at poot; Galit ay isang normal na damdamin, ang poot naman ay kung saan nakagagawa ng mga pagkilos na nakakapanakit sa kapwa o nakakasira ng kagamitan.  
Halimbawa: pagsigaw , pagbato, pamumura at napagbubuhatan ng kamay.
- b. Disiplina ay isang pamamaraan upang sanayin at itama ang pag-uugali o kapakanang moral ng tao. Disiplina ay mula sa salitang ugat “discipulus” salitang Latin na ang kahulugan ay mag-aaral. Ito ay may kaugnayan sa pag-aaral upang matuto ng wastong pag-uugali. Ang isang disipulo ay sumusunod kay Hesus. Ang bunga ng pagiging disiplinado ay ang pagkakaroon ng control o pagpipigil sa sarili.
- c. Pagpipigil sa sarili ay kakayahan kontrolin ang sarili at mag-isip bago gumawa. Pinapanatili ang tamang pagtugon lalo na sa pagharap sa mga (pagsubok) tukso. Kaya napakahalaga ang patuloy na pag-aaral at pagsunod sa mga aral ng Panginoon. Sinasabi na “Ang isang taong may karunungan ay marunong magpigil sa sarili.
- d. Magtagumpay sa paligsahan. Ang pagkakaroon ng layunin at disiplina ay kailangan upang magtagumpay sa paligsahan. Ipinahayag ni Apostol Pablo na ang mga Kristiyano ay katulad ng isang atleta o manlalaro na tumatakbo patungo sa tagumpay na kaloob ng Diyos. Ang mga Kristiyano kinakailangan nagpapatuloy, nanatiling matatag sa gawain at hindi ang sarili ang pinahahalagaan kundi ang kapakanan ng iba.

### C. PAGTALAKAY SA TEKSTO

1. Basahin ang Sabay-sabay ang Kawikaan 29:11, 1 Corinto 9:25 at 1 Samuel 21: 1-8
2. Hatiin ang klase sa tatlong grupo at bigyan ang grupo ng pag-aaralan
3. Pag-aralan at unawain ang mga talata  
Isulat o mag bahagi ng karanasan sa buhay ng may ugnayan sa aralin
4. Sa isang grupo Kawikaan 29:11
  - a. Sa Bibliya nakasaan dito kung ano ang tinutukoy na galit at ang pagkakaiba nito sa poot. Sa  
Sulat ni Pablo sa Efeso 4:26, Sinasabi na pwede kang magalit pero iwasan mo ang magkasala. Kaya kung ang isang tao di makapagpigil sa sarili, ito ay mauwi sa pagkapoot at maaaring makagawa ng mga bagay na di kaaya-aya. Kaya si Haring Solomon ay nagbigay ng payo na dapat taglayin ang karunungan mula sa Diyos  
(kung saan marunong at kayang pigilan ang sarili sa panahong nakakaramdam ng galit sa kapawa.
  - b. Pagpipigil sa sarili ang nagmumula sa pagkakaroon ng karunungan at namamalas ang disiplina sa pamamagitan ng pananalangin, sa pag-aaral ng bibliya at sa pananambahan. Ang isang Kristiyano may disiplina sa sarili ay makakaranas ng tagumpay sa buhay. Ito rin ay tumutukoy sa pagsunod sa kalooban ng Diyos upang mabigay ng kaluwalhatian ang Kanyang Pangalan.

Kaya ang isang Kristiyanong may disiplina at pagpipigil sa sarili nakakagawa siya ng tamang disisyon sa buhay.

5. Ikalawang grupo: 1 Corinto 9:25

c. Sinasabi ni Pablo na dapat taglayin natin ang disiplina katulad ng isang manlalaro upang magtagumpay. Kaya bilang kristiyano katulad ng isang manlalaro o atleta dapat taglayin natin ang ganitong katangian ang pagiging disiplinado. Ang pagsasanay ay sa pamamagitan ng: pag-aaral ng Salita ng Diyos, pagdalo at pakikiisa kasama ang mga kapatid sa pananampalataya, pananalangin bilang makapangyarihan sandata sa pagsunod sa mga halimbawa ni Kristo at paglilingkod (lalo na sa mga higit sa mga nangangailangan).

d. Ang mga Kristiano pinangungunahan ng Banal na Espiritu ay nakatuon ang buhay sa patuloy na pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan pagbubulay-bulay ( Meditation), pagkakaloob ng tulong, simpleng pammuhay, at ang buong katapatang pagsunod sa kalooban ng Diyos. Tandaan po natin na hindi po tayo ng iisa sa ating pagtakbo dahil ang Diyos ang palagiang kasama natin sa buhay pananampalataya mayroong tayo .

6. Ikatlong grupo: 1 Samuel 21:18,

Anong uri ng disiplina ang ipinakita ni Haring David nang magkaharap sila ng paring Ahimelec.

- a. Talata 1-2, Si David ay nagpunta sa upang iligtas ang kanyang sarili. Naisip niyang pumunta kay Ahimelec isang saserdote. Sinabi niya kay Ahimelec na may lihim na misyong ipinagagawa sa kanya ang Hari.  
Tanong: Kung mayroon misyon na naka-plano na dapat isakatuparan, Ano ang una mong gagawin?
- b. Talata 3-6, Si David ay humingi ng pagkain kay Ahimelec, pero walang pagkain maibigay si Ahimelec kaya ang inihain niya pagkain kay David ay pagkain para sa paghahandog .Ibinigay ni Ahimelec ito kay David sa isang kondisyon na dapat siya ay malinis at dalisay.  
Tanong: Sa ating pagmimisyon naginagawa, mayroon ba tayong malinis na kalooban at mabuting hangarin sa paglilingkod harap ng Diyos?
- c. Talata 7, Isang pinagkakatiwalaang tagasunod ni Haring Saul ang nakasaksi sa ginagawang pagtulong ni Ahimelec kay David at batid niya ito na makakarating ang kaalaman tungkol sa pagtulong sa kanya Kay Haring Saul.  
Tanong: Sa ating paglilingkod na apektuhan ba tayo ng mga taong sumasalungat sa ginagawa nating paglilingkod? Oo o Hindi? Bakit?
- d. Talata 8-9, Para sa matiyak ang kaligtasan sa panganib humiling si David ng sandata at ang ibinigay sa kanya ay ang espada ni Goliat.  
Tanoong: Naniniwala k aba na ang Diyos ay kumikilos sa di nating inaasahan at ang Kanyang plano ay palaging panghabang panahon? Oo o Hindi? Bakit?

**D. PAGBABAHAĞINAN**

Ibabahagi ng bawat grupo ang kanilang ginagawang pag-aaral ng nga talata tungkol sa disiplina. Magbibigay sila ng halimbawang tungkol rito mula sa kanilang karanasan sa buhay, pakikilahok sa Iglesia Lokal at gayundin ang kanilang personal na dapat nilang tuparin. Isulat ang kanilang naging kapasiyahan (resolution) sa commitment pad.

**E. KATOTOHANAN MULA SA BIBLIYA**

Tanong: Papaano ang Iglesia ay nagtuturo sa atin ng disiplina upang itaguyod ang pagkakaisa sa komunidad?

**F. PAGESASABUHAY**

Dahil ito ang huling katangian ng Pamamayani ng Diyos. Magkaroon ng pagbabalik-aral sa lahat na Bunga ng Espiritung nabanggit. At mgkaroon ng pansariling kapangakuan na mapahalagahan at maisapamuhay sa tuwina ang mga katangiang ito.

**G. PANGWAKAS NA PANANAMBAHAN**

1. Paghahandog

2. Pangwakas na Awit: “Living For Jesus” HFJ no.289 (2 huling sagnong)  
“Time to Change “

3. Pangwakas na Panalangin:

Panginoon, kami po ay dumadalangin nas pagkalooban ninyo po kami ng lakas at karunungan upang makita sa aming pamumuhay ang mga bunga ng Banal na Espiritu.

Tulongan Ninyo po kami na pahalagahan naming ang pagkakataong magawa namin ito. Sa panglang ni Jesus ito ang amnig panalangin. AMEN. *(Isinalin sa Tagalog ni Rev Gailry A. Tadosa)*

**Ika-10 na Linggo ng Pamamayani ng Diyos (10th Sunday in Kingdomtide)**  
**Ika- 29 ng Oktubre 2017**  
 (Aralin para sa Matatanda)

***Ang Patuloy na Pagbabago ng Iglesia Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos***

(Continuing Transformation of the Church as Kingdom Value)

**MGA ARALING TALATA SA BIBLIA**

Lumang Tipan: 2 Hari 22: 11-20; 23: 1-3

*Nang marinig ng hari ang nilalaman ng aklat, pinunit niya ang kanyang kasuutan. Tinipon niya ang Saserdote Helcias, si Ahicam na anak ni Safan, si Acbor na anak ni Micaya, ang kalihim na si Safan, at ang mayordomong si Asaya. Sinabi niya, "Isangguni ninyo ako at ang buong Juda kay Yahweh tungkol sa nilalaman ng aklat na ito. Matindi ang galit niya sa atin dahil sa pagsuway ng ating mga ninuno at sa di natin pagsunod sa mga utos na narito."*

*Ang Saserdote Helcias at sina Ahicam, Acbor, Safan at Asaya ay nagpunta nga kay Propetisa Hulda na asawa ni Salum, ang tagapag-ingat ng mga kasuutan ng mga saserdote at anak ni Ticba na anak ni Carcas. Siya ay sa ikalawang purok ng Jerusalem nakatira. Ang sabi niya, "Ito ang ipinasabi ni Yahweh, ng Diyos ng Israel sa nagsugo sa inyo rito: Ang lahat ng parusang nabasa ng hari sa aklat na ito ay ibabagsak ko sa bayang ito at sa lahat ng mamamayan. Ang poot ko ay nag-aalab laban sa bayang ito pagkat tinalikdan nila ako, at sila'y naglingkod sa ibang diyos. Ito naman ang sabihin mo sa hari ng Juda na nagsugo sa inyo rito: Narinig ko ang iyong pagtangis nang malaman mo ang sumpa at parusang igagawad ko sa bayang ito. Nakita ko ang pagsisisi mo, ang iyong pagpapakababa sa harapan ko pati ang pagpunit mo sa iyong kasuutan. Kaya, hindi mo mararanasan ang pagpapahirap na gagawin ko sa bayang ito; maghahari kang mapayapa habang nabubuhay ka." Ang lahat ng ito'y sinabi nila sa hari.*

Bagong Tipan: Roma 14:17

*Sapagkat ang pagpasok ng tao sa Kaharian ng Diyos ay hindi nababatay sa pagkain at inumin kundi sa pagiging matuwid, pagkakasundu-sundo at kagalakan na pawang kaloob ng Espiritu Santo.*

**PANGKALAHATANG TEMA**

Ang UCCP bilang na tagapagmana Repormasyon ay naniniwala sa patuloy na pagbabago ng iglesia.

**SUSING KAISIPAN**

*Ipinagpatuloy ng iglesia ang pananampalatayang repormado.*

**PALIWANANG UKOL SA MGA TALATA**

Ang 1 at 2 Hari ay mga aklat panitikan na tinatawag sa kasulatang ng Hebreo na "Mga Hari". Walang malinaw na layunin o tema ang aklat. Ngunit kung pagbubulayan, mapapansin na ang nilalaman ng aklat na ito ay karugtong ng kasaysayan na mababasa 1 at 2 Samuel—ang kuwento



ng paghahari na pinapatnubayan ng Tipan. Ang aklat na ito ay nagmumungkahi na ipaliwanag sa mga tao na natapon sa ibang bayan na ang dahilan ng kanilang kahihyan ay ang kanilang palaging pagsuway sa kanilang Tipan sa Diyos.

Ang 2 Hari 22: 11-20; 22: 1-3 ay nagsasalaysay kung saan ang hari (Josias) ay sumunod sa paanyaya na magsisi at magbago sa kanilang pagsuway sa Tipan na ginawa ng kanilang mga ninuno. Bilang simbolo ng kaniyang pagsisisi, winahak niya ang kanyang balabal panghari at tinipon ang lahat para sa muling pakikipagtipan. Ang tugon ni Josias na pagwahak sa kanyang balabal na siyang tanda ng pagsisisi ay hakbang upang makaiwas sila sa maaaring parusa ng Diyos. At nakita ng Diyos ang nagsisising puso kayat hinayaang silang muling gumawa ng pakikipagtipan. (I Hari 23:1-3) Ang pangyayaring ito ay nasundan pa ng pambansang kilusan ng pagbabago at muling pakikipagtipan kay Yahweh. Ito ay isang reaksyon sa lumalaking impluwensya ng mga dayuhang diyus-diyosan at mga imahen na lumalaganap sa buong Juda. Ang totoo'y ang pananampalataya ng Israel ay nagiging alanganin na dahil sa pagpasok ng mga relihiyon mula sa mas abanteng mga sibilisasyon na sumakop sa kanila sa mahabang panahon kasama na ang ang pinakamalakas na bansa sa kanilang kapanahunan.

Ang katotohanan, ang panawagan sa pagbabago sa panahon ni Josias ay isang radikal na hakbang tungo sa mapagpasyang kilusan ng pagpapanibago na may malaki implikasyon sa politika. Ang muli nilang paggigiit sa orihinal na tipan kay Yahweh na Siya lamang Diyos ng Israel na sasambahin at paglilikiran ay paglulunsad ng malakas na makabayang kilusan na pinamumunuan ng hari; isang kilusang nilahukan ng maraming tao na nagnanais na angkinin ang kalayaan mula sa dayuhang amo o mula sa kontrol sa relihiyon o pulitika ng alinmang malalakas na bansa. Ang bagong relihiyon o mga relihiyon na kumakatawan sa mga dayuhang mga diyos na may tangi at kakaibang tradisyon ay dumami at naging popular sa mga taga Juda. Ang mga relihiyong ito ay kumakatawan sa mga mas makapangyarihan bansa at dominanteng sibilisasyon na nagdadala ng nakaengganyong mensahe subalit sa totoo'y bumabaluktot sa pinakamensahe ng orihinal na pananampalataya, at naglilihis sa atensyon ng mga tao palayo sa tunay na nagaganap sa kanilang buhay; sa isyu ng katarungan at matuwid na pamumuhay at ibaling ito sa abstrakto, pangritwal, materyalistiko at pansariling relihiyon. Ang mga ganitoy binalaan at tinuligsa na ng naunang mga propeta--ang pagsamba sa diyus-diyosan, at pag-angkin sa perpektiba at pagpapahalaga na taliwas o kontra sa orihinal na Tipan kay Yahweh. Ito ang palaging malaking banta sa alinmang pamayanang pinangingibabawan ng mas makapangyarihang kultura at sibilisasyon. Ito ang palaging binabantayan ng mga pari, propeta at lider relihiyon habang pinamumunuan nila ang Israel tungo sa tunay na pagpapanibagong tipan ng pananampalataya ayon sa umiiral na kalagayan.

Ang sulat na ito ni Pablo ay nagsimula sa paglalahad ng espirituwal na kalagayan ng mga tao. Nakikita nya na kapwa ang mga Judio at Griyego ay makasalanan at nangangailangan ng kaligtasan. Subalit ang kaligtasan sa kahatulan ay ipinagkaloob na ng Diyos sa kanila sa pamamagitan ni Cristo na napako sa krus. Subalit itoy makakamit lamang sa pananampalataya— isang prinsipyo ng pagkilos ng Diyos sa sanlibutan simula pa sa Israel. Kaya, ang pagtanggap at karanasan ng pagkaligtas ay makikita sa praktikal na paraan sa iglesya at sanlibutan. Tulad ng ating napag-aralan, nais ni Pablo na maunawaan ng lahat ng mananampalataya na ang pagpapanumbalik ng biyaya at ugnayan sa Diyos ay mangyayari sa pamamagitan ng pagbubukas nila ng sarili sa tunay na Mabuting Balita, hindi natitinag o nahihiyang tagapagdala nito; itinataas at hindi itinatakwil ang sinumang nagbubukas ng sarili sa kapangyarihan at katuwiran ng Diyos.

Ang Roma 14:17 ay nagbibigay sa atin ng ideya kung ano yung kaharian ng Diyos na sinasabi ni Pablo na hindi maibabalik sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom, sapagkat ang pagkahumaling sa maliliit na bagay ay naglilihis sa tunay na esensya ng buhay kristiyano—katuwiran at katarungan sa kanyang pamumuhay at sa kanyang pakikitungo. Ang pagbibigay diin ni Pablo sa moral at etikal na pamumuhay kristiyano ay malaganap sa lahat ng kanyang mga sulat—ang katuwiran, kapayapaan at kagalakan sa Espiritu.

Ang mga talatang ito ay nagpapaala sa iglesya na ang tunay na daan sa ganap at kabuuang pagbabago ay pagtanggap sa ating kahinaan at limitasyon bilang mga nilalang. Ang iglesya bilang kinatawan ng Diyos sa sanlibutan ay may tungkulin na gawin ang mga unang hakbang tungo sa pagbabago yamang tayo ang nakauunawa sa Mabuting Balita ng pagpapanibago at kaligtasan kay Cristo at ngayon ay binigyan ng oportunidad na magsumikap at mamuhay bilang iglesya, iglesya na nabago at patuloy na nagbabago.

### GABAY SA MGA GURO

Ang Espiritu ang nagpapanibago ng buhay. Pinasisigla ng Espiritu ang anumang nasisira at nabubulok. Ang Espiritu ang kapangyarihan ng Diyos upang baguhin ang iglesya at gawing bagong nilalang. Bagama't ang iglesya ay espiritwal, ito rin ay isang institusyon ng mga tao na nadadaig ng kahinaan at mananatiling ganito hanggang sa pagbabalik ni Jesus. Tulad ng lahat ng nasa sanlibutan, ang iglesya ay maaari ding maisira at mabulok. Nariyan sa iglesya ang Espiritu subalit kailangang palaging maging hininga ito ng iglesya upang siya'y palaging magpanibago sigla.

Ang motto ng Repormasyon, “ang iglesyang binago at patuloy na nagbabago” ay hindi lamang inuunawa sa liwanag ng kasaysayan kundi maging sa teolohiya. Sa ilalim ng korapsyon at imoralidad sa iglesya ay ang nakapanlulumong pagkakamali sa doktrina. Pinuntirya ito ng kilusang Repormasyon na nagnais na linisin ang iglesya mismo sa ugat nito sa teolohiya. Tinugon naman ito ng mga pinuno ng simbahan na hindi ito nagkakamali kapag nagsasalita ito na nakaupo sa luklukan bilang guro ng pananampalataya, (ex cathedra) sapagkat ito ang banal na katawan ni Cristo. Ang pagkahati ay di na maiiwasan nang ang mga Repormador ay tuluyan nang nagbalangkas ng mga doktrinang nagtatakwil sa mga umiiral na paniniwala lalo na sa sinasabing “ang Papa ay di nagkakamali” at palitan ito ng kaisipang ang iglesya, tulad ng bawat indibidwal na kristiyano ay “matuwid at makasalanan” (*simul justus et peccatur*). Kaya ang paglalakabay ng iglesya sa kabanalan ay kailangan patuloy na pagbabago at pagpapanibago.

Ang katuruang ito ng mga protestante ay nagsisilbing patuloy na pagpuna upang manatili ang iglesya na hindi lumalayo sa pamatayang itinakda ni Cristo. Sinugo ni Cristo ang Espiritu, ang Paraclete, sa iglesya upang mamagitan para sa kapatawaran ng Diyos at akayin ito sa katotohanan. Bilang tugon, ang iglesya ay dapat maglagay ng mga praktikal na pamamaraan upang ang mga institusyon nito ay patuloy na gumagalaw at huwag mapangibabawan ang kalayaan nito ng itinatakda ng hirarkiya. Kung ito'y mangyayari at kung kalian, palaging kailangang pakawalan ang rebolusyunaryo at mapanghimagsik na diwa ng mga repormador upang ang iglesya ay lumaya sa sarili nitong pagkabilanggo. (*Isinalin sa Tagalog ni Rev. Luisito H. Saliendra*)

**LAYUNIN**

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahan ang mag aaral na:

1. Pag-aralan kung paano dumating ang Repormasyon;
2. Ipaliwanag ang kahulugan ng “motto” ng Repormasyon, "Ang simbahan ay nagbago at patuloy sa pagbabago"
3. Makita kung paano ang isang nabagong buhay kay Kristo ay nakakaapekto sa personal na buhay ng isang tao at relasyon niya sa kapwa.
4. Bumuo ng isang personal na “motto” bilang nabagong buhay kay Kristo at sa patuloy na buhay paglalakbay na mananampalataya.

**MGA GAGAMITIN**

Biblia (mungkahing version NRSV), mga worksheet

**MGA KASANAYANG PAGKATUTO (Learning Experiences)****A. PANIMULANG GAWAIN**

1. Pagdadatingan at pagtitipon: Masayang pagtanggap at pagbati sa mga mag-aaral.
2. Panimulang panalangin: "Mahal naming Diyos, Purihin ang Iyong pangalan. Nagpapasalamat kami sa Iyo para sa bagong buhay ibinigay Mo sa lahat. Nagpapasalamat kami sa Iyo para sa iglesya sa pagtuturo sa amin ng Iyong katotohanan. Tulong Nyo kami ngayon, na maunawaan ang Iyong mga Salita sa pamamagitan ng Panglingguhang paaralang ito. Ito ang aming Panalangin. Amen. "
3. Panibukas na Awit: **The Church One Foundation** (HFJ # 242) unang dalawang stanzas

**B. PAGHAHANDA**

1. Ipaalala sa klase na ang Linggo na ito ay Linggo ng Repormasyon at ang tema ay “Ang Simbahan na patuloy sa pagbabago.”
2. Ang Repormasyon ay pinasimulan ni Martin Luther at ipinagpatuloy nila John Calvin, Huldrych Zwingli, at iba pang mga Protestanteng Repormador noong ika-16 na siglo sa Europa. Bago si Luther, may iba pang mga nauna nang pagtatangka ng pagbabago sa Simbahang Katoliko, sila Jan Hus, si Peter Waldo, at si John Wycliffe.
  - a. **Martin Luther (1483-1546).** Si Luther ay isang pari ng Katoliko na nakatuon sa marami oras sa pag-aaral sa Biblia. Habang nag-aaral sa aklat ng Roma 1:17 ("Sapagkat ipinapakita ng Mabuting Balita kung paano ginagawang matuwid ng Diyos ang isang tao; at ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya buhat sa simula hanggang sa wakas. Tulad ng sinasabi sa Kasulutan, Ang itinuturing na matuwid ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay."), naunawaan ni Luther na ang ating buhay sa harapan ng Diyos ay nakasandig sa ating pananampalataya lamang, at hindi sa pamamagitan ng anumang gawa o kabutihan sa loob natin. Kaya, noong Oktubre 31, 1517 Inilabas ni Martin Luther ang kanyang 95 Theses sa Cathedral ng Wittenburg, Saxony na kung saan nagsimula ang Repormasyon. Ang pangunahing isyu ay ang pagbebenta ng Indulhensiya, ang kawalan ng pagkakamali (infallibility) ng Papa, (wherein Pope has no authority over purgatory, and that the Catholic doctrine of the merits of the saints had no foundation in the Gospel.)
  - b. **John Calvin (1509-1564):** pinag-aralan ni John Calvin ang mga isinulat ni Martin

Luther at lubos na naunawaan ang pangangailangan ng reporma at pagbabago sa simbahan. Noong 1536, inilathala ni Calvin (sa Latin) ang unang edisyon ng kanyang “Magnum Opus” sa Kristiyanong Teolohiya: Mga Institusyon ng Kristiyanong Relihiyon, na inilathala noong 1559. Sa tulong ni William Farel, isa pang repormador sa simbahan, hinahangad ni Calvin na baguhin ang pulitika at espirituwal na buhay ng lungsod. Ang teolohiya ni Calvin ay ang kanyang pagsusuri sa doktrina ng Predestination. pinaliliwanag ni Calvin na ang kaligtasan ay isang bagay na hindi napipili, sa halip ang bawat isa ay hinirang ng Diyos. Ang mga taong ito (ang mga hinirang) ay kilala lamang sa Diyos. Ang kanyang teolohiya ang syang nagbunsod sa pag-unlad ng pagbabago ng simbahan. Ang mga mahusay na salita ni Calvin ay: “Wherever we find the Word of God surely preached and heard, and the sacraments administered according to the institution of Christ, there, it is not to be doubted, is a church of God.”

**c. Ulrich Zwingli (1484-1531):** Si Zwingli ay ipinanganak sa Swiss canton ng St. Gallen taong 1484. Tulad ni Luther, si Zwingli ay nakipag-ugnayan sa mga impluwensya ng mga tao (kabilang ang mga nasulat ng Erasmus) at nagbigay tuon ng kanyang sarili sa pag-aaral ng Hebreo at Griyego. Nagsimulang banggain ni Zwingli ang mga turo ng Simbahang Romano Katoliko, dahil nadin sa malalim na kaugnayan sa mga sinulat ni Martin Luther. Mga mahusay na salita ni Zwingli: “We cannot but admit that not even the least thing takes place unless it is ordered by God... Indeed, nothing is too small in us or in any other creature, not to be ordered by the all-knowing and all-powerful providence of God. ”

**d.** Bago si Luther, may iba pang mga pagtatangka na repormahin ang Simbahang Katoliko sa pamamagitan ng ang mga repormador na si Jan Hus, si Peter Waldo, at si John Wycliffe.

### C. TALAKAYAN

1. Sabihin sa mga mag aaral na basahin ang mga batayang texto sa Biblia na may pagtugon.
2. Pagkatapos talakayin ang Repormang programa ni Josias para sa Juda, ipakita ang mga matitingkad na puntos ng Repormasyon gamit ang mga sumusunod na puntos ng talakayan.
  - a. Kabilang sa mga matingkad na isyu sa Repormasyon ay ang pagbebenta ng indulhensiya ang kawalan ng pagkakamali (infallibility) ng Papa, (wherein Pope has no authority over purgatory, and that the Catholic doctrine of the merits of the saints had no foundation in the Gospel.)
  - b. Ang mga Protestanteng pananampalataya na naghahayag sa kabuuan kung ano ang nasa puso ng protestanteng pananalig:
    - 1) **Sa pamamagitan ng Biyaya ng Pag-ibig ng Diyos (Grace alone) (Sola Gratia).** Ang kaligtasan ng tao ay isang Biyaya (regalo) mula sa Diyos, sa biyaya ng Diyos lamang at hindi sa pamamagitan ng anumang gawa, o ng iyong sarili at gawa ng Kristiyano (Efeso 2: 8-9).
    - 2) **Sa pamamagitan ng Pananampalataya lamang (Faith alone) (Sola Fide).** Tayo ay hahatulan na matuwid sa pamamagitan ng paningin ng Diyos batay sa ating pananampalataya. Malinaw na walang taong pinawawalang-sala sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng Kautusan, sapagkat sinasabi ng Kasulatan, “Ang pinawalang sala ay mabubuhay dahil sa Pananampalataya. (Galacia 3:11).
    - 3) **Sa pamamagitan ni Kristo lamang (Christ alone) (Solus Christus).** Si Kristo ang isang Tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ang mga tao at ang ating kaligtasan ay magaganap lamang sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay

(1 Timoteo 2: 5). Bawat mananampalataya ay lingkod (Pinili, Pari isang bayan ng nakalaan sa Diyos, may ganap na kaugnay sa kanya para sa kapatawaran ng mga kasalanan (1 Pedro 2: 9)

**4) Sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan lamang (Scripture alone) (Sola Scriptura).**

Ang tanging Kasulatan nag-iisa pinagmulan ng banal na kapahayagan ng Diyos at pangunahing kasangkapan para sa pagkaunawa ng pananampalataya at pagsasabuhay. Ang salitang ito ay hindi nangangahulugang na ang lahat ng katotohanan ay nasa Bibliya ngunit kailangang malaman ng lahat ng tao ang tungkol sa gawaing Pagliligtas ng Diyos para sa lahat ng mga mananampalataya na matatagpuan sa Banal na Kasulatan (2 Timoteo 3: 16-17).

**5) Para sa Kaluwalhatian ng Diyos lamang (God's Glory) (Soli Deo Gloria).** Ang buhay Kristiyano ay makikita alinsunod sa kalooban ng Diyos at para sa kaluwalhatian ng Diyos (1 Pedro 4:11).

3. Sabihin sa klase na basahin ang Roma 14:17. Hikayatin ang mga mag-aaral na makita ang kahalagahan nito, na nagmumula sa patuloy na liwanag ng pagbabago ng simbahan.

**D. PAGBABAHAJINAN**

1. Tawagin ang ilang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga saloobin sa mga sumusunod:

a. "Ang simbahan ay nagbago, patuloy sa pagbabago"

b. "Ang Banal na Espiritu ay kapangyarihan ng Diyos na baguhin ang simbahan. Kahit na ang simbahan ay komunidad ng pananampalataya, ngunit ito rin ay sakop ng katiwalian at pagkabulok. Kayat Ang Espiritu ay ibinigay ng Diyos, ang hininga para sa buhay ng iglesia para sa patuloy na pagbabago."

c. Kailangan nating manalangin para sa iglesia ngayon, "na tawagin siya mula sa kadiliman ng kamangmangan at kasinungalingan tungo sa liwanag ng kaalaman sa Diyos sa katotohanan. "Kailangan natin manalangin para sa isa't isa, na huwag ipahintulot ng Diyos ang masama at panganib, gutom sa Salita, bagkus punuin Niya tayo ng Espiritu ni Cristo, na pinapatnubayan tayo sa lahat ng katotohanan, gaya ng ipinangako ng Anak ng Diyos. "

2. Sa panahon ng Repormasyon ni Josias sa mga tao, siya ay ginabayan ng Salita ng Diyos na matatagpuan sa Kasulatan. Sabihin sa klase na magbahagi kung paano ang iglesia ngayon ay nagbabago ng kanyang mga miyembro gamit ang mga prinsipyo ni Josiah.

a. Ang Salita ng Diyos ay Liwanag.

b. Nililinis ng Salita ng Diyos.

c. Ang Salita ng Diyos ay Walang Hanggan.

d. Ang Salita ng Diyos ay nangangailangan ng pagtugon.

3. Basahin ang paglalarawan ni Pablo tungkol sa Kaharian ng Diyos. Ano ang mga pangunahing katangian ng Kaharian ng Diyos?

**E. ARAL MULA SA BIBLIYA**

Itanong: Paano ipinagpatuloy ng iglesia ang paglalakbay ng nabagong pananampalataya sa kanya mga miyembro?

**F. PASASABUHAY**

Hilingin sa klase na buuin ang kanilang personal na “motto” na may kaugnayan sa Repormasyong tradisyong ng Mga simbahan mula sa Limang Solas.

#### G. PAGTATAPOS

1. Paghahandog

2. Pagtatalaga na awitin: **The Church's One Foundation** (HFJ # 242)  
ang huling dalawang stanza

3. Pangwakas ng Panalangin: "Mahal naming Diyos, na ang Espiritu ay kasama natin, nagpapalaya at nagbabago sa atin upang maging katulad ni Cristo, nananalangin kami, tulungan Nyo po kami bilang isang iglesya na hindi lamang bilang isang nabago ngunit bilang isang repormang komunidad na patuloy sa pagbabago. Sa pangalan ni Kristo, ito ang aming panalangin. Amen."  
"



**Ika-11 na Linggo ng Pamamayani ng Diyos (11th Sunday in Kingdomtide)****Ika- 5 ng Nobyembre 2017**

(Aralin para sa Matatanda)

***Paghubog Pastoral: Ang Papel nito sa Pagtatatag ng Pamamayan ng Diyos*****(Pastoral Formation: Its Role in Kingdom Building)****ARALING TALATA SA BIBLIA**Lumang Tipan: *1 Samuel 3:1-19 (MBB)***Ang Pangitain ni Samuel**

*“Sa pamamahala ni Eli, si Samuel ay patuloy na naglilingkod kay Yahweh. Nang panahong yaon, bihira nang marinig ang tinig ni Yahweh at bihira na rin ang mga pangitain. Malabo na noon ang mata ni Eli. Minsan, namamahinga siya sa kanyang higaan si Samuel nama’y natutulog sa Templo, sa may Kaban ng Tipan. Nang nagmamadaling-araw na, siya’y tinawag ni Yahweh, “Samuel, Samuel!” “Po,” sagot niya. Patakbo siyang lumapit kay Eli at sinabi, “Bakit po?” Sinabi ni Eli, “Hindi kita tinatawag, Mahiga kana uli.” Nagbalik nga siya sa kanyang higaan. Tinawag siya uli ni Yahweh. Bumangon siya, lumapit uli kay Eli, at itinanong, “Tinatawag po ba ninyo ako?” Sinabi ni Eli, “hindi kita tinatawag, anak. Mahiga kana uli.” Hindi pa kilala ni Samuel si Yheh sapagkat hindi pa siya kinakausap nito. Sa ikatlong beses na tawagin siya, lumapit uli siya kay Eli at sinabi, “Narinig ko pong tinatawag ninyo ako.” Naisip ni Eli na si Yahweh ang tumatawag kay Samuel. Kaya sinabi niya, ‘sige mahiga ka uli. Kapag narinig mo pang tinatawag ka, ganito ang sabihin mo: “Magsalita po kayo Yahweh. Nakikinig po ang inyong lingkod.” At muling nahiga si Samuel. Si Yahweh ay lumapit kay Samuel at tinawag ito. Sumagot si Samuel, “Magsalita po kayo, nakikinig ang inyong lingkod.” Sinabi ni Yahwe, “Hindi magtatagal at may gagawin ako sa Israel. Lahat ng makabalita nito’y paghaharian ng matinding takot. Pagdating ng araw na yaon, gagawin ko ang lahat ng sinabi ko laban sa sambahayan ni Eli. Sabihin mo sa kanya habang panahon kong parurusahan ang kanyang pili sapagkat hinayaan niya akong lapastanganan ng kanyang mga anak. Dahil dito, isinumpa ko na hindi mapapawi ng anomang handog ang kalapastangan ng sambahayan ni Eli.” Natulog uli si Samuel, at kinaumagaha’y binuksan ang Templo. Ngunit hindi niya masabi kay Eli ang tungol sa pangitain. Tinawag siya ni Eli, “Samuel, anak.” “Po” sagot ni Samuel. Sinabi ni Eli, “huwag kang magkakaila. Parurusahan ka ng Diyos kapag may inilihim ka tungkol sa sinabi niya sa iyo. Ano ang sabi niya?’ At ipinagtapat niya ang lahat, wala siyang inilihim. Pagkatapos sinabi ni Eli, “Iyon ang kapasyahan ni Yahwe. Mangyari ayon sa kanyang kalooban.” Habang lumalaki si Samuel, patuloy siyang pinapatnubayan ni Yahweh, at nagkatotoo ang lahat ng sinabi niya.”*

Bagong Tipan: *2 Timoteo 1:11-14 (MBB)*

*“Ako’y ginawang apostol at guro upang ipahayag ang Mabuting Balitang ito, at iyan ang dahilan kung kaya ako nagdurusa ng ganito. Gayunma’y hindi ko ikinahihiya ang nangyayaring ito sa akin, sapagkat lubos kong nakikilala ang aking pinananaligan at natitiyak kong maiingat niya hanggang sa huling araw ang ipinagkatiwala ko sa kanya. Gawin mong batayan ang mga aral na itinuro ko sa iyo yamang ang mga ito’y pawing katotohanan. Manatili ka sa pananampalataya at*

*sa pag-ibig na tinanggap natinsa pakikipag-isa kay Cristo-Jesus. Sa tulong ng Espiritu Santong nananahan sa atin, ingatan moa ng lahat ng ipinagkatiwala sa iyo.”*

### **PANGKALAHATANG TEMA**

Ang iglesia ay pinaglilingkuran ng mga taong tinawag para ditto; sila ay lumalago kasama ng kongregasyon sa patnubay ng mga pinuno ng iglesia.

### **SUSING KAISIPAN**

*Ang iglesia ay pinaglilingkuran ng mga taong tinawag para dito; sila ay lumalago kasama ng kongregasyon sa patnubay ng mga pinuno ng iglesia.*

### **PALIWANANG UKOL SA TALATA**

Sinasabi ng 1 Samuel 3: 1-19 ang pagtawag sa batang si Samuel na noon ay nasa ilalim ng pangangasiwa ni Eli, ang saserdote na namamahala sa santuario sa Shilo sa panahong iyon. Ang monarkiya ay itatakda pa sa ilalim ni Saul, c. 1020-925 B.C. Sa panahong ito si Eli ay hindi na maayos ang pisikal na kalagayan dahil sa kanyang katandaan, malabo na ang kanyang paningin ngunit patuloy pa rin niyang ginagawa ang kanyang mga tungkulin bilang isang pari at hukom. Ang batang lalaki na si Samuel ay naglilingkod bilang katulong niya. Nang gabing iyon Si Samuel ay tinawag ng Diyos, sa pamamagitan ng isang pangitain sa maraming beses; tinawag ng isang tinig ang kanyang pangalan ngunit hindi niya maunawaan kung ano ang ibig sabihin nito. Ito ang dahilan kung bakit tuwing naririnig niya ang tinig na tinawag ang kanyang pangalan, tatakbo siya kay Eli na nagtanong kung tinawag nga siya ni Eli. Gayunpaman, nalaman ni Eli na saserdote na si Samuel ay tinawag ng Diyos. Kinailangan ni Samuel na tanggapin ang tawag at sundin ang tinig kahit gaano kahirap ang gawain na ibinigay sa kanya, upang maging kapalit ng kanyang matanda at mahinang guro na si Eli. Dapat siyang maging mas malakas bilang pinuno kaysa kay Eli, sa espiritu at sa kanyang pananampalataya, sa pamumuno sa kanyang bayang Israel para sa natitirang bahagi ng kanyang buhay.

Ang mga Kristiyano rin ay may mga tinatanggap ding tungkulin mula sa Diyos na dapat sundin ng may sinseridad at buong puso. Kailangan nating makinig at sundin ang tinig ng Diyos ayon sa Kanyang layunin at plano; at anumang mga kaloob ng Espiritu na mayroon tayo, dapat nating gamitin ito upang paglilingkuran at luwalhatiin ang Diyos. Kung gayon, maaari din tayong maging mas malakas at epektibo sa ating ministeryo tulad ni Samuel na lumakad at sumunod sa kalooban ng Diyos kahit na kailangan niyang makibahagi sa radikal na kapalit ng pamumuno sa kanyang sariling komunidad.

Ang 2 Timoteo 1: 11-14 ay isang liham ni Pablo kay Timoteo na nagbibigay diin na kailangan ng disipulo na manatiling tapat sa paghawak sa "tamang katuruan;" na nagiingat sa "tunay na kayamanan" na ipinagkatiwala sa kanya at sa iba na susunod kay Timoteo para sa wastong pangangalaga, pagsasangkap at pagpapalakas ng bayan ng Diyos, mapagana sila sa pagtugon sa pananampalataya at pagsunod sa paraang angkop sa mga pangangailangan ng kanilang konteksto, naghihikayat sa kanila na manatiling tapat sa kanilang tungkulin. Ito ay isang paalala sa mga pastor, mga laykong manggagawa, mga laykong lider at mga kaanib ng simbahan na lahat ay tinawag upang manatiling tapat bilang isang sambahayan ng Diyos. Isinasaalang-alang na tayo ay tinawag ng Diyos at hindi ng tao, nararapat nating sundin ang mga pamantayan na ordinansa at



mga batas ng Diyos na ipinahayag at itinuro sa Kanyang tahanan. Kinakailangan natin ito para sa sambahayan ng Diyos kahit na naniniwala sila na ginagawa nila ang kalooban ng Diyos, kailangan tayong maging tapat sa Kanya kahit na sa maliit na bagay na ipinagkatiwala sa atin sa paggawa ng ministeryo, gawain, at misyon ng iglesya.

## GABAY SA MGA GURO

Ang Espiritu ay nagpapadaloy ng espirituwal na mga kaloob, karismata, sa iglesya upang mabahagi sa mga kaanib ng iglesya para sa pagpapatatag ng katawan ni Cristo. Kabilang sa iba't ibang mga kaloob ay ang pamumuno na ginagawa ng mga kaanib na itinakda para sa espesyal na ministeryo. May mga pagkakakilanlan sa mga tungkulin at tungkulin sa loob ng mahalagang ministeryo (sumangguni sa UCCP Manual para sa mga Manggagawa ng Simbahan).

Ang mga manggagawa ang bumubuo sa pangunahing aspeto ng napakahalagang ministeryo. Ang mga manggagawa ay naghahandog ng pamumuno sa bawat kongregasyon sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay at gawain. Ang manggagawa ay inilaan upang maitalaga nila ang kanilang isip, oras, at lakas sa paglilingkod sa iglesya. Sa kabilang banda, ang mga kaanib ay may tungkulin na magkaloob para sa kanilang materyal na seguridad upang hindi sila maabala sa mga material na bagay sa sanlibutan. Kapwa ang mga kaanib at ang manggagawa ay dapat magnais ng pinakamainam na ugnayang ng pagtutulungan. Higit dito, ang relasyon sa pagitan ng manggagawa at kongregasyon ay nagbubunga ng kapwa kapakinabangan sa kanila: ang mga manggagawa ay lumalago sa pananampalataya at sa kakayahang maglingkod habang sila ay namumuno at nangangalaga. Ang mga matatandang kaanib naman na may malawak na karanasan kung saan ang mga manggagawa ay may matutunan. Ang pagbubukas ng mga kaanib ng kanilang puso sa mga manggagawa ay magdudulot ng higit na pagkaunawa sa misteryo ng buhay; at dahil dito'y lalong magpapahusay sa kakayahang pastoral ng mga manggagawa. (*Isinalin sa Tagalog ni Rev Minerva Cabas*)

## LAYUNIN

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahan ang mag aaral na:

1. Pag-usapan kung paano tinawag si Samuel ng Diyos at kung paano iniwan ni Pablo ang pamanang Pananampalataya kay Timoteo;
2. Ipag-ugnay ang pagtawag kay Samuel at kay Timoteo sa pagtawag ng mga manggagawa sa Iglesya;
3. Tukuyin ang mga manggagawa sa kanilang Simbahan at talakayin kung paano ang mga manggagawa ng Kanilang Simbahan inihahanda ang kanilang sarili kaugnay sa pagtuturo ni Pablo kay Timoteo sa panahon ng ginagampanan ang kanilang tungkulin sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos;
4. Pag-aralan ang malaking responsibilidad ng mga manggagawa ng Iglesya sa pagtuturo at pangangaral ng pag-asa sa Kaligtasan ng Diyos sa mga miyembro sa pamamagitan ng pananampalataya; at
5. Maipadama ang pagpapahalaga sa mga manggagawa sa simbahan sa pamamagitan ng mapagmahal at mapagkalingang pamamaraan.

## MGA GAGAMITIN

Biblia (mungkahing version NRSV), mga worksheet

## MGA KASANAYANG PAGKATUTO (Learning Experiences)

### A. PANIMULANG GAWAIN

1. Pagdadatingan at Pagtitipon; Maligayang pagbati at pagtanggap.
2. Panimulang panalangin: "Mahal naming Diyos, salamat sa pagdadala sa amin sa lugar na ito ng pagsamba. Ipinagdiriwang naming ang Linggo ng Mangagawa ng Iglesya. Dumadalangin kami upang pagpalain ang Iyong Salita habang kami ay nag-aaral at matuto mula dito kasama ang aming guro. Hinihiling namin ito sa pangalan ni Jesus. Amen. "
3. Panibukas na Awitin: **"Here I Am, Lord"**

I, the Lord of sea and sky, I have heard My people cry.

All who dwell in dark and sin, My hand will save.

I, who made the stars of night, I will make their darkness bright.

Who will bear My light to them? Whom shall I send?

Chorus: Here I am Lord, Is it I Lord? I have heard You calling in the night.

I will go Lord, if You lead me. I will hold Your people in my heart.

I, the Lord of snow and rain, I have born my peoples' pain.

I have wept for love of them. They turn away.

I will break their hearts of stone. Give them hearts for love alone.

I will speak My word to them, Whom shall I send?

Repeat chorus.

### B. PAGHAHANDA

Ipakita ang mga Uri ng manggagawa ng iglesya (Ecclesiastical Leaders) ng.....

#### **UCCP Magna Carta for Church Workers.**

1. **Ordained Ministers** are those who have been called and set apart for the ministry of the Word, Sacraments, Liturgy and Pastoral Care and Leadership of the Church of Jesus Christ.
2. **Consecrated Workers include diaconal ministers and licentiates.**
  - a. **Diaconal Ministers** are those who are called and consecrated to serve in specific lines of ministry such as Christian Education, Church Music, Counseling, Chaplaincy, Early Childhood Education, Youth and Campus Ministry.
  - b. **Licentiates** are those who are called and licensed to serve in the pastoral ministry but who still lack the full qualifications for the ordained ministry.
3. **Ministerial Students** are those who are undergoing formation and training for the ministry of the church.

### C. TALAKAYAN

1. Sabihin sa klase na tahimik na basahin ang Batayang Texto.  
Hatiin ang klase sa dalawang grupo ang unang grupo ay kanilang talakayin ang I Samuel 3: 1-19 at ang pangalawang grupo II Timoteo 1: 11-14. Sabihin sa bawat grupo na gamitin ang sumusunod na gabay/pamamaraan sa pagtalakay sa mga Batayang Texto.
2. I Samuel 3: 1-19. **Ang Pagtawag ni Samuel**
  - a. Talatang 1-3. si Samuel ay lingkod sa Templo.
  - b. Talata 4-10 Apat na Beses tinawag ng Diyos si Samuel. Sa panahon noon, makikita sa Biblia, na tinawag ng Diyos ang mga tao upang maglingkod sa temple.
  - c. Talata 11-19. Tinuruan ng Diyos si Samuel kung ano ang gagawin.
3. II Timoteo 1: 11-14. **Ang Pamanang Pananampalataya't Buhay paglilingkod ni Pablo kay Timoteo**
  - a. Talata 11-12. Tinatalakay ni Pablo ang kanyang saloobin sa Ebanghelyo.( Gospel)
  - b. Talata 13. Tinutukoy ni Pablo ang kahalagahan "Gawin batayan ang mabuting aral na itinuro, at manatili ka sa pananampalataya at sa pag-ibig na tinanggap sa pamamagitan ng pakikipag-isa kay Kristo Hesus, na narinig ni Timoteo mula kay Pablo.
  - c. Talata 14. Inutusan ni Pablo si Timoteo na bantayan ang mabuting aral ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Banal na Espiritu.
4. Hilingin sa bawat grupo na ibahagi sa malaking grupo kung ano ang kanilang tinalakay.

#### D. PAGBABAHAGINAN

1. Tinawag ng Diyos si Samuel. Paano tumugon si Samuel sa tawag ng Diyos? (Nakinig si Samuel at handang sumunod sa Diyos. Sinunod niya ang Diyos.)
2. Tinatawag pa rin tayo ng Diyos sa ating kapanahunan.  
Ano ang mga paraan upang marinig ang tawag ng Diyos? (Pagbabasa sa Banal na Kasulatan, nakikinig sa mga kuwento sa Biblia, nakikipag-usap sa mga magulang o guro tungkol sa Diyos, nakikinig sa Kristiyanong mga awitin, nananalangin, nagbubulay-bulay)
3. Sa pamamagitan ng pamilya ni Pablo at Timoteo, natutuhan ni Timoteo ang tungkol sa Diyos. Ano ang mga itinuro at tagubilin ni Pablo kay Timoteo? (Basahin ang II Timoteo 1: 13-14.) Bigyang-diin ang mga pangungusap na nagtuturo sa pananampalataya at pag-ibig ni Jesu-Kristo at sa tulong ng Banal na Espiritu.
4. Ang mga pastor at iba pang manggagawa ng Iglesia ay tinawag ng Diyos at itinalaga upang paglingkuran ang Diyos at upang maging matapat sa tungkuling ito. Paano magagamit ng mga manggagawa ng Iglesia ang patuloy na pagtuturo at lubos na mapayaman ang pamanang pananampalataya at buhay paglilingkod tulad ng tinagubilinan ni Pablo kay Timoteo para sa buhay at pagkilos ng iglesia? (Ang pagtuturo ay dapat tulad at magmula sa Ebanghelyo ni Jesus Kristo. Ito ay natutunan at patuloy na pinag-aralan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pakikinig sa payo at pagtuturo. Ang mabungang yaman ng pananampalataya ay kumakatawan sa karunungan at lakas mula sa Diyos, na pinapakilos ng Banal na Espiritu at isinasapamuhay ng mga manggagawa sa Iglesia sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos.)

5. Paano tinatanggap ng mga magulang at iba pang mas nakakatanda ang posibilidad na ang ating mga anak na sa kanilang paglaki ay maging mga mangangaral at mga guro sa pagdating ng mga araw? Kailangan na maipasa at ipamana ang Pananampalataya at buhay paglilingkod, bilang isang pagtitiyak na paggabay sa mga bata at kabataan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay sa tahanan, sa simbahan, at sa komunidad upang maipagpatuloy nila ang kanilang buhay sa gabay ng layunin ng Diyos na para sa bawat isa sa kanila? (Maaaring mag-iba ang mga sagot.)

#### E. ARAL MULA SA BIBLIYA

**Itanong:** Paano ang paglilingkod sa Iglesia ng mga pastor at iba pang mga manggagawa ng iglesia? (Ang iglesia ay naglilingkod sa pamamagitan ng ministeryo na lumalago sa kongregasyon sa ilalim ng gabay at pangunguna ng mga manggagawa ng iglesia.)

#### F. PASASABUHAY

1. Ituro ang Sauluhing Talata: "Gawin mong batayan ang mabuting aral na itinuro ko sa iyo, at manatili ka sa pananampalataya at sa pag-ibig na tinanggap natin sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Kristo Hesus. Sa tulong ng Espiritu na nananatili sa atin, ingatan mo ang lahat magagandang bagay na ipinagkatiwala sa iyo." (2 Timoteo 1: 13-14)
2. Sabihin: Ang mga manggagawa sa Iglesia ay tinawag ng Diyos. Sila ay ipinagkatiwalaan upang manguna at gabayan ang kongregasyon sa pagsasaganap ng ministeryo ni Jesu-Kristo. pangunahin, itinalaga ang mga Manggagawa upang ang kanilang oras, isip at lakas gamitin sa paglilingkod sa kongregasyon/pamayanan sa pamamagitan ng pagtuturo, pagpapagaling, at pangangaral. Kaya naman, ang mga manggagawa ng iglesia ay kailangang respetuhin, pangalagaan, at suportahan ng mga miyembro.  
Pahintulutan ang klase na ibahagi ang kanilang mga iniisip tungkol sa bagay na ito....
3. Sabihin sa klase na gumawa ng kanilang sariling plano ng pagkilos para maipagpatuloy/maipasa ang mayamang pamana ng Pananampalataya at buhay paglilingkod sa kanilang pamilya, mga kamag-anak, at mga kaibigan.  
Hayaan silang tapusin ang kanilang planong ito sa isang panalangin na isipin ng bawat isa na pagkakalooban sila ng kapangyarihan at lakas ng Banal na Espiritu sa pagpapahayag ng Kaharian ng Diyos upang higit pang mahikayat ang kanilang mga mahal sa buhay na maipamuhay ang liwanag ng katotohanan ng Ebanghelyo.

#### G. PAGTATAPOS

1. Paghahandog

2. Pangwakas na Awitin:

#### **“Here I Am, Lord”**

I, the Lord of wind and flame, I will tend the poor and lame.

I will set a feast for them. My hand will save.

Finest bread I will provide till their hearts be satisfied.

I will give My life to them. Whom shall I send?

Chorus: Here I am Lord, Is it I Lord? I have heard You calling in the night.

I will go Lord, if You lead me. I will hold Your people in my heart.

3. Pagtatalagang Panalangin:

Hilingin na may boluntaryo na mag-alay ng isang pangungusap na panalangin para sa mga sumusunod:

- a. Ang mga pastor at obispo
- b. Ang mga pinuno ng simbahan at mga opisyal
- c. Ang suporta ng mga tauhan ng simbahan at mga manggagawa sa musika
- d. Ang mga manunulat ng kurikulum, mga tagapagturo ng Kristiyano edukasyon, mga mangangaral at deaconesses.
- e. Sa lahat ng mga miyembro ng simbahan  
*(Isinalin sa Tagalog ni Rev Migfred Taruc)*



**Ika-12 Linggo ng Pamamayani ng Diyos (12th Sunday in Kingdomtide)**  
**Ika- 12 ng Nobyembre 2017**  
 (Aralin para sa Matatanda)

***Paghubog ng mga Layko: Ang Papel nito sa Pagtatatag ng Pamamayan ng Diyos***

(Lay Formation: Its Role in Kingdom Building)

**ARALING MGA TALATA SA BIBLIA**

Lumang Tipan: *I Hari 17: 8-16*

*Kaya sinabi sa kanya ni Yahweh: "Umalis ka rito. Pumunta ka sa Sarepta, sa lupain ng Sidon. May inutusan akong isang balo na magpapakain sa iyo roon." Pumunta nga siya roon, at nang papasok na siya ng pintuan ng lunsod, nakita niya ang balo na namumulot ng panggatong. Sinabi niya sa babae: "Maaari po bang makiinom?" Aalis na ang babae upang ikuha siya ng tubig nang pahabol niyang sabihin: "Kung maaari, bigyan mo na rin ako ng kaunting pagkain."*

*Sumagot ang babae: "Alam po ni Yahweh na iyong Diyos na wala na kaming tinapay. Mayroon pa kaming kaunting harina at kapatak na langis. Namumulot nga ako ng maigatong upang lutuin iyon at makakain man lamang kami ng anak ko bago kami mamatay."*

*Sinabi sa kanya ni Elias: "Huwag kang mag-alala. Humayo ka at gawin mo ang iyong sinabi. Ngunit ipagluto mo muna ako ng isang munting tinapay, at pagkatapos magluto ka ng para sa inyo. Sapagkat ganito ang sabi ni Yahweh, Diyos ng Israel:*

*Hindi ninyo mauubos ang harina  
sa lalagyan*

*At hindi rin matutuyo yaong  
langis sa tapayan*

*Hanggang hindi sumasapit ang  
talagang takdang araw*

*Na ang ula'y marapating papatakin  
ng Maykapal."*

*Ginawa nga ng babae ang utos ni Elias at sila'y kumain---si Elias at silang mag-ina. At hindi nga naubos ang harina sa lalagyan, at hindi natuyo ang langis sa sisidlan, tulad ng pangako ni Yahweh sa pamamagitan ni Elias.*

Bagong Tipan *Lucas 10: 25-37*

*Ang Mabuting Samaritano*

*May eskribang lumapit kay Jesus upang siya'y subukin. "Guro," aniya, "ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?" Sumagot si Jesus, "Ano ang nakasulat sa Kautusan? Ano ang nababasa mo roon?" Tumugon siya, "'Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang buong pag-iisip'; at, 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.'" "Tama ang sagot mo," wika ni Jesus. "Gawin mo iyan at mabubuhay ka."*

*Sa hangad ng eskriba na huwag siyang lumabas na kahiya-hiya, tinanong niya uli si Jesus, "Sino naman ang aking kapwa?" Sumagot si Jesus: "May isang taong naglalakbay buhat sa Jerusalem, patungong Jerico. Hinarang siya ng mga tulisan, kinuha pati damit sa katawan,*

*binugbog at halos patay na nang iwan. Nagkataong dumaan doon ang isang saserdote at pagkakita sa taong nakahandusay, siya'y lumihis at nagpatuloy ng kanyang lakad. Dumaan din ang isang Levita, ngunit tiningnan lamang niya ito at nagpatuloy ng kanyang lakad. Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na naparaan doon. Nakita niya ang hinarang at siya'y nahabag. Lumapit siya, binusan ng langis at alak ang mga sugat nito at tinalian. Saka isinakay ang tao sa kanyang sinasakyang hayop, dinala sa bahay-panuluyan, at inalagaan doon. Kinabukasan, dumukot siya ng dalawang denaryo, ibinigay sa may-ari ng bahay-panuluyan at sinabi, 'Alagaan mo siya, at kung magkano man ang kakulangan niyan, babayaran ko sa aking pagbabalik.' Sino ngayon sa palagay mo ang nagpakita ng kanyang pakikipagkapwa sa taong hinarang ng mga tulisan?" tanong ni Jesus. "Ang nagpakita ng habag sa kanya," tugon ng eskriba. Sinabi sa kanya ni Jesus, "Humayo ka't gayon din ang gawin mo."*

### **PANGKALAHATANG TEMA**

Ang sinanay na mga layko sa pangunguna ay nakatutulong sa iglesya na lumago sa kanyang paglilingkod sa sambayanan ng Diyos.

### **SUSING KAISIPAN**

*Ang iglesya ay lumalago at ginagampanan ang minsteryo ng pangangaral, pagtuturo, at pagpapagaling sa pangunguna ng sinanay na mga layko.*

### **PALIWANAG UKOL SA TALATA**

I Hari 17: 8-16. Ang talatang ito ay patungkol sa isang babae na taga Sarepta sa panahon ni Propeta Elias. Hindi umuulan at tagtuyot noon at nagkaroon ng taggutom sa buong lupain. Hindi nagtagal at naubos na rin ang pagkain ng pamilya ng balong ito subalit ibinahagi pa rin niya kay Elias ang natitira nilang pagkain. Ibinigay ng balong ito, na kabilang sa mga pinakadukha ng Sarepta, ang lahat ng ito dahil sa kanyang pananalig. Ang ipinangakong harina at langis na darating ay hindi nga naubos at ang kanyang pamilya ay nakaligtas sa pagkagutom. Ang kuwentong ito ay napakagandang halimbawa kung paanong binibigyan ng Diyos ng higit na kakayanan ang mga tao upang makatulong sa ministeryo ng Diyos.

Lucas 10: 25-37. Si Jesus ay tinanong ng isang eskriba, (isang taong dalubhasa sa Kautusan ni Moises) kung ano ang dapat niyang gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan. Tianong siya ni Jesus kung ano ang sinasabi ng kautusan. Sumagot naman ito at tama ang kanyang sagot: "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang buong pag-iisip"; at, 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.'" Sinabi ni Jess na gawin niya ito at mabubuhay siya. Pero nais ng eskriba na bigyang katwiran ang sarili at nagtanong muli: tinanong niya kung sino ang kanyang kapwa. Sinagot siya ni Jesus sa pamamagitan ng talinghaga kung paanong tumugon sa isang pangangailang nagpapakita ng pagiging kapwa: ang nagpakita ng habag, awa at kabutihan.

Ang dalawang kuwento na ito ay nagpapakita kung paano maging bahagi ng pamayanan ng Diyos. Sa ilalim ng pamamayani ng Diyos, ang mga tao ay nagbabahagi; iniisip muna ang iba; nagmamalasakit. Ganito rin ang maging igkesy. Sa iglesya, ang mga layko ay nangunguna. Sila

ay binibigyan ng kakayanan na maging tagapanguna ng iglesia sa pagganap ng tatlong magkakaugnay na gawain (pangangaral, pagtuturo, pagpapagaling) sa gabay ng Banal na Espiritu. Tayo nga ay maging malalakas na kaanib ng katawan ni Cristo, ang iglesia, na gumagampan ng misyon ng Diyos, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamaedad na kaanib ng iglesia. (*Isinalin sa Tagalog ni Rev. Luisito H. Saliendra*)

### LAYUNIN

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahan ang mag aaral na:

1. Ipaunawa na ang iglesia ay ang tinipong mga tao ng Diyos
2. Talakayin ang iba't ibang ministryong tungkulin at gawain na nagpapalago sa Iglesia
3. Makapagtalaga sama-sama sa pakikibahagi sa mga gawain ng Iglesia bilang “empowered” pinalalakas na mga Layko.

### MGA GAGAMITIN

Biblia (mungkahing version NRSV), Hymnal of a Faith Journey

### MGA KASANAYANG PAGKATUTO (Learning Experiences)

#### A. PANIMULANG GAWAIN

1. Pagdadatingan at Pagtitipon; Maligayang pagbati at pagtanggap.
2. Panimulang panalangin: " "Mahal naming Diyos, salamat sa araw na ito habang nagtitipon kami bilang isang komunidad, isang simbahan, sa Sunday School na ito. Patnubayan kami habang sinisikap naming tulungan ang iyong simbahan, ang United Church of Christ in the Philippines, na lumago. Bigyan kami ng lakas na mga Layko upang lumahok sa mga gawaing ministryo ng pagtuturo, pagpapagaling at pangangaral. Ituro sa amin kung ano ang kailangan naming gawin bilang mga bahagi ng katawan ni Kristo. Turuan kami, ang iyong Iglesia, kung paano maglingkod sa kapwa. Sa pangalan ni Jesus. Amen

3. Panimulang Awit:

#### **“We are the Church Together”**

The church is not a building, the church is not a steeple,  
The church is not a resting place, the church is people.

I am the church, you are the church, we are the church together

All who follow Jesus all around the world, yes, we’re the church together!

#### B. PAGHAHANDA

Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang palagay nila sa kahulugan ng kanta. Talakayin sa kanila kung ano ang ibig sabihin ng Iglesia/Simbahan. Hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga nakaraang pagkaunawa kung ano ang simbahan. Hayaan na ipaliwanag nila ang kanilang ibinahagi. Paalalahanan sila na ang iglesia ay hindi lamang isang gusali; Ang kalipunan ng mga tao ang bumubuo sa simbahan. ipaunawa na ang lahat ay bahagi ng Iglesia/simbahan: ikaw, ako, lahat tayo.

#### C. TALAKAYAN

Ipabasa sa klase ang dalawang Batayang Texto..

**I Kings 17: 8-16 at Luke 10: 25-37**



## D. PAGBABAHAGINAN

Talakayin ang mga tekstong batayan

1. Sino ang mga tao sa kuwento mula sa I Hari?
2. Paano ang pananampalataya ng babae sa Sarepta na nakatulong sa kanya nang ibahagi padin niya ang kokonti na nilang pagkain sa lingkod ng Diyos?
3. Sino ang mga tao sa kuwento ng Lukan?
4. Ano ang maaari mong sabihin tungkol sa abugado?

## E. ARAL MULA SA BIBLIYA

Ano ang dapat nating gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan?

## F. PASASABUHAY

**Itanong:**

1. Paano natin tularan ang babae sa Sarepta ?
2. Sino sa tatlong tao sa kuwento ng Lukan ang dapat nating tularan? Bakit?
3. Talakayin ang tatlong pangunahing bahagi ng ministeryo ng simbahan.
  - + **Ang ministeryo ng pagtuturo** ay bahagi sa lahat ng programa ng iglesya na nagsisikap na pangalagaan ang mga mananampalataya sa kanilang pananampalataya, turuan sila sa mga turo at aral ng iglesya, at palakasin ang lahat upang isapamuhay ang kanilang pananampalataya at paglilingkod sa Diyos at sa bayan ng Diyos.
  - + **Ang ministeryo ng Pagpapagaling** ng iglesya ay bahagi ng lahat ng programa na nagtataguyod ng pagpapagaling at kaganapan ng buhay para sa lahat.
  - + **Ang ministeryo ng pangangaral** ng iglesya ay naglalayong maipangaral ang mabuting balita ng Paghahari ng pagmamahal, kapayapaan at katarungan.
4. Punuan ng sagot ang tsart na ito:

**Paano ang mga Layko ay makapaglingkod sa mga Ministeryong ito ng Iglesya**

Ministeryo ng Pagtuturo	Ministeryo ng Pagpapagaling	Ministeryo ng Pangangaral

5. Papiliin ang bawat mag-aaral ng hindi bababa sa isang programa sa anumang pangunahing ministeryo na maaari nilang ituon ang kanilang sarili at italaga sa gawaing kanilang pinili.

## G. PAGTATAPOS

1. Paghahandog

2. Pagtatalaga na awitin: **“Ang Imong Iglesya, O Dios/  
The Church is Your People, O God” HFJ 301**  
 Ang imong iglesya O Dios, katilingban nga balaan  
 Katuyuang pagpalampos ug sa ngalan mo mag-ambahan.

The church is your people, O God, and a holy community  
 In fulfillment of your purpose, we give praise to your holy name.

The church is your people, O God, a united community  
 Whose hearts are bound together, overflowing in your love and grace.

The church is your people, O God, a redeeming community  
 To the naked and the captives, all the help is extended to them.

The church is your people, O God, and a sharing community  
 Every burden gladly bearing, one and all actively take their share.

The church is your people, O God, a sustaining community  
 Who obeys the Lord Christ Jesus, the only foundation of faith.

3. Pangwakas na Panalangin:

Patnubayan ang klase sa pagsasabi ng isang pangungusap na panalangin ng pangako sa hindi bababa sa isang programa ng simbahan. Tapusin ang panalangin sa:

"Salamat sa pagtuturo sa amin kung sino tayo bilang isang iglesya at paano ang gagawin bilang bahagi sa katawan ni Cristo. Nawa'y tularan namin ang babae sa Sarepta at ang mabuting Samaritano. Ipinapanalangin namin na palakasin Mo kami upang maisabuhay naming ang aming pagtatalaga sa mga ministryong aming pinili. Patnubayan Mo kami sa paglilingkod sa Iyo at sa Iyong bayan... Sa pangalan ni Jesus, na aming Kasama at Tagapagligtas, ito ang aming dalangin." Amen. *(Isinalin sa Tagalog ni Rev. Migfred Taruc)*

**Ika-13 Linggo ng Pamamayani ng Diyos (13th Sunday in Kingdomtide)**  
**Ika- 19 ng Nobyembre 2017**  
 (Aralin para sa Matatanda)

***Pagministryo sa mga Migranteng Manggagawang at Kanilang mga Pamilya***  
 (Ministering to the Migrant Workers and Their Families)

**ARALING TALATA SA BIBLIA**

Lumang Tipan      *Awit 137: 1- 6*

*Sa pampang ng mga ilog nitong bansang Babilonia,  
 Kami roo'y nakaupong tumatangis, sa tuwinang  
 Ang iniwan naming Sion ay aming maalaala.  
 Sa sanga ng mga kahoy, sa tabi ng ilog nila,  
 Isinabit namin doon, yaong dala naming lira.  
 Sa amin ay iniutos ng sa amin ay lumupig,  
 Na aliwin namin sila, ng matamis naming tinig,  
 Tungkol sa Sion, yaong paksa, niyong nais nilang awit.  
 Pa'no namin aawitin, ang awit ng Panginoon,  
 Samantalang bihag kaming nangingibang-bayan noon?  
 Ayaw ko nang ang lira ko'y hawakan pa at tugtugin,  
 Kung ang bunga sa pagtugtog, limutin ang Jerusalem;  
 Di na ako aawit pa, kung ang lundong sasapitin  
 Sa isip ko't alaala, ikaw'y ganap na limutin,  
 Kung ang kaligayahan mo ay hindi ko hahangarin.*

Bagong Tipan      *Gawa 28: 2*

*Napakainam ng pakita sa amin ng mga tagaroon. Sapagkat bumagsak ang ulan at  
 maginaw, nagsiga sila at inasikaso kaming mabuti.*

**SUSING KAISIPAN**

Ang iglesya ay nagsasagawa ng tanging ministryo para sa mga migranteng manggagawang at sa kanilang mga pamilya.

**PALIWANANG UKOL SA BIBLIA**

Ang Aklat ng mga Awit sa kalakhan ay mga panalangin at papuri. Dito, maaring nag-iisa man o panglahat, ang mga awit ay nakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin at papuri. Subalit meron ding mga awit na malinaw na nagtuturo tungko sa kabutihan. Ito ay nagpapahiwatig na ang pinakalayunin ay magturo tungkol sa buhay pananampalataya. Nagpapahayag din ito ng paglalakbay ng Israel sa kanilang pananampalataya na inilalarawan ng mga panalangin at papuri na hindi nawawaglit ang kanilang karanasan, masaya man o malungkot.

Ang buong Awit 137 ay lantay na awit panaghoy ng mga itinapon, na ipinahayag matapos na sila'y

ibalik mula sa pagkatapon sa Babilonia. Na kahit na sila’y nakabalik na sa Jerusalem, naroon pa rin ang mapait na alaala ng mga taon sa dayuhang lupain at ang malupit na pangyayari na pumuwersa sa kanilang manatili doon. Ang mga talatang 1-3 ay nagsasabi ng alaala nang hindi masukat na kalungkutan at sakit na dinanas sa harap ng pangungutya at tawanan ng kanilang manlulupig; samantalang ang mga talatang 4-6 ay panata ng ganap na katapatan sa Jerusalem at sa hindi nagmamaliw na hangaring sumamba sa kanilang Diyos sa kanilang banal na lungsod. Ang mga linyang ito ay kapahayagan ng matinding pagluluksa sa dayuhang lupain kung saan silay namuhay na mga bihag at itinuring na mababang uring mamamayan na walang karapatan; at ang kanilang maalab na hangaring makabalik sa kanilang lupang sinilangan; at mahango sa kapangyarihan at biyaya ng Diyos sa harap ng kanilang mga kaaway. Sila na naging dayuhan sa ibang bansa at itinuring na mababang-uring mamamayan, ang mamuhay sa gitna ng mga dayuhan at sa kakaibang kultura at mapanatili ang kanilang katinuan, ang integridad at maging ang pananampalataya at naging napakahirap. Ang alisin sa iyong kinalalagyan at mapwersang lisanin ang mga minamahal at sariling tahanan ay masakit at nakalilitong karanasan. Kung walang matatag na pundasyon ng pananampalataya na mapanghahawakan, ang mga tao ay madaling matukso at mahikayat ng ibang relihiyon at kultura. Ito ang papel ng pamayanan ng mananampalataya na tiyakin na ang mga tao na manatiling nakaugat sa pananampalataya na ipinamana ng mga ninuno.

Isa sa layunin ng aklat ng Mga Gawa ay ilarawan ang tagumpay ng Kristiyanismo sa gitna ng pag-uusig. Ang Gawa 28:2 at malinaw na nagpapakita na maging ang mga katutubo man na mula sa ibang bansa na karaniwang tinatawag na “mga barbaro” ay sinusugo rin ng Banal na Espiritu. Ang kabutihan at pagtanggap ay nararanasan din kahit sa mga tao na hindi kristiyano. Ang mga katutubo ng isla ng Malta ay nagsiga upang mainitan ang mga bihag kasama si Pablo na napadpad doon matapos ang kanilang barko ay lumubog dahil sa bagyo, na noon ay taglamig at umuulan.

Bilang iglesya na pinagkatiwalaan ng tanging ministeryo sa mga manggagawang nangingibang bansa at sa kanilang mga pamlya (OFWs), dapat nating maisip ang kanilang kalalagayan sa ibang bansa, at ang kalungkutan at agam-agam na tinitis ng kanilang mga pamilya dahil sa pananabik at pagkawalay. Nakapanlulumo na ang iglesya pa minsan ang nagpapalala pa sa kanilang karanasan dahil sa paghingi ng mga kontribusyon sa mga proyektong pangsimbahan. Maaaring inaakala nila na ang mga OFWs ay may magandang nang buhay at dahil sa sila’y sumusuweldo ng mas malaki, sila ay mayaman na. Subalit nalilimutan na ng mga kaanib ng iglesya ang kanilang pastoral na responsibilidad na pangalaagan sila at ang kanilang pamilya. Hindi madali ang mamuhay na hiwalay sa pamilya; hindi palaging ayos lamang na iisang magulang ang kasama ng mga bata upang mapunuan ang kanilang pangangailangan habang sila’y lumalaki. Kailangan nila ng gabay kapwa ng kanilang tatay at nanay sa kanilang paglaki. Kaya, dapat naroon ang iglesya upang mabigyan sila ng pagkalinga at pangangalagang espirital na magbibigay kasiyahan na kanilang kailangan. Katulad ng karanasan nina Pablo at ng mga bihag nang sila ay nasa Malta na bagama’t hindi nila kaanu-ano manapa’y pare-parehong estranghero sa isa’t isa, tayo ma’y maging katulad ng mga taga isla ng Malta na magbigay ng init at pagkalinga sa mga pamilya ng mga nangingibang bansa para magtrabaho at maging mapang-unawa sa kanila.

## GABAY SA MGA GURO

Ang mga manggagawang nangingibang bansa at ang kanilang mga pamilya ay bumubuo sa isang tanging sector sa lipunang Pilipino. Dahil sa ibang bansa sila nakatagpo ng trabaho, sila ay may

pagkakataong makaranas ng pinakamaganda o pinakamasamang kalagayan sa buhay. May pagkakataon silang guminhawa na hindi nila nararanasan noon. Ang bago nilang kalagayan ay maaaring magbigay sa kanila ng pagunlad at seguridad sa kabuhayan at magtaas ng estado sa lipunan sa hinaharap. Kasabay naman nito ay ang dala nitong banta sa ugnayan, kapanatagan at katapatan sa pamilya. Palagi na na ang mga manggagawang ito na tagatustos ng pamilya ay nakaranas ng di mailarawang kalungkutan, kawalang katiyakan, kawalang kakayahan at paglaho ng pagkatao. Ang ganitong kondisyon ng pag-iisip ay nagiging dahilan upang matukso sila sa maling pakikipagrelasyon, magluko o maging oportunist.

Sa ganitong di karaniwang kahinaan nila, ang iglesya ay marapat na magkaroon ng bagong paraan ng pastoral na paglilingkod sa kanila at sa kanilang pamilya. Bukod sa tradisyunal na pamamaraan ng pangangalaga, dapat magkaroon ang iglesya ng iba pang paraan ng pagsuporta tulad ng pakikipag-ugnayan sa marami pang mga institusyong naglilingkod sa mga OFWs, pagpapayo, gabay sa paghawak ng salapi, , at iba pa.

Higit dito, ang iglesya ay marapat na mag-ambag ng kanyang tinig sa pagpuna sa maling patakarang pangkaunlaran ng pamahalaan na ang pagluluwas ng lakas paggawa ang isang paraan sa pagpapaunlad ng ekonomya. Ito ay estratehiyang pangkaunlaran na itinakda ng mga dayuhang gobyerno sa mga mahihirap na bansa na sa katotohanan ay nagsisilbi sa kasakiman ng mga dambuhalang negosyo kapalit ng karuhaan ng lokal na mamamayan. Ang istratehiyang ito ang nagtutulak sa mga magsasaka na walang lupa na tumungo sa mga lungsod. Inaabandona ng gobyerno ang posibleng lokal na pagmamanupaktura na maaaring magbigay ng trabaho at natutukso sa inaakalang mas malaking kita sa pamamasukan sa mga sa mga proyektong pangkonstruksyon, pag-angkat at pagluluwas, pananalapi at pagbabangko, impormasyon at komunikasyon at pang-aliwan. Maaaring ang mga ito'y magpataas ng kita ng bansa o Gross National Product pero hindi magbibigay trabaho sa maraming mamamayan na walang trabaho. Ito ang pinakadahilan kung bakit nangingibang bansa ang maraming mga manggagawa.

Ang katarungan para sa sambayanan, sa lahat ng sector ng lipunang Pilipino, partikular sa mga OFWs para sa iglesya ay isang usaping pananampalataya at katapatan sa Diyos. *(Isinalin sa Tagalog ni Rev Luisito H. Saliendra)*

## LAYUNIN

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahan ang mag aaral na:

1. Ilarawan kung paano ang mga Israelita ay nagdusa sa panahon ng kanilang pagkatapon (exile) sa Babilonia;
2. Sabihin kung ano ang alam nila tungkol sa mga kalagayan ng buhay ng mga taong nagtatrabaho sa ibang bansa;
3. Maihambing ang hirap na kalagayan ng mga Israelita sa panahon ng Pagkatapon (exile sa Babilonia) at sa mga manggagawa sa ibang bansa na mahirap ang kalagayan na malayo mula sa kanilang mga mahal sa buhay;
4. Talakayin kung paano ang kamay ng Diyos ay naroroon sa panahon ng pagkatapon ng mga Israelita at ng mga pangyayaring nakapaligid sa paglalakbay ni Pablo patungong Roma; at
5. Lumahok sa pagbubuo ng mga natatanging ministeryo ng Iglesya kung saan makakatulong sa mga migranteng manggagawa at sa kanilang mga pamilya na naiwan.

**MGA GAGAMITIN**

Biblia (mungkahing version NRSV), worksheets

**MGA KASANAYANG PAGKATUTO** (Learning Experiences)**A. PANIMULANG GAWAIN**

1. Maligayang pagbati at pagtanggap sa bawat isa
2. Panimulang panalangin: Tumawag ng isa sa klase na mangunguna sa panalangin.  
Paalalahanan ang klase na isama sa kanilang panalangin ang bunga ng Banal na Espiritu at ang ibinubunga nito sa kanilang buhay.
3. Panibukas na Awitin: **“By the Rivers of Babylon”**  
By the rivers of Babylon, there we sat down.  
And there we wept, when we remembered Zion.  
When the wicked carried us away in captivity, required from us a song.  
Now how shall we sing the Lord's song in a strange land.  
Let the words of our mouth and the meditations of our heart,  
Be acceptable in thy sight here tonight.

**B. PAGHAHANDA**

Sabihin sa klase na ibahagi ang kanilang nalalaman tungkol sa mga migranteng manggagawa (miyembro ng pamilya, mga kapitbahay, mga miyembro ng simbahan, katrabaho). Mag-isip kung paano nila matutulungan ang simbahan sa paglilingkod sa mga pangangailangan ng mga OFW at sa kanilang mga pamilya. I-record ang mga kasunduan na ginawa at itakda ang mga ito para sa paggamit sa ibang pagkakataon.

**C. TALAKAYAN**

1. Hatiin ang klase sa dalawang grupo at italaga ang unang grupo na basahin at talakayan ang Awit 137: 1-6 at ang pangalawang grupo naman ay, Mga Gawa 27: 1-6, 39- 44, 28: 1-2. Magbigay ng sumusunod na impormasyon upang gabayan ang bawat grupo sa kanilang talakayan.
2. Awit 137: 1-6. Sabihin sa klase na ang salmang ito ay isang walang pasubali na salmo na tumatawag sa paghatol, kalamidad, o sumpa, sa mga kaaway o sa mga itinuturing na mga kaaway ng Diyos.
  - a. Talata 1-4. Ang mga bihag na Israel ay hindi pinahihintulutan kumanta ng kanilang mga sagradong awitin sa ibang bansa sa kabila ng paghingi sa mga taga-Babilonia.
  - b. Talata 2-6. Nanunumpa ang salmista upang ihandog ang mga gawa ng kanilang mga kamay sa Diyos at ang kanilang mga tinig upang itaas ang Diyos palagi bilang kanilang pinakamataas na kagalakan.
3. Gawa 27: 1-6, 39-44, 28: 1-2.
  - a. Gawa 27: 1-6. Si Pablo at ang iba pang mga bilanggo ay ipinasa kay Julius, ang senturion, na nagpapakita ng kabaitan kay Pablo. Si Pablo at ang kanyang mga kasamahan ay inilipat sa Roma.
  - b. Gawa 27: 39-44. Nawasak ang barko dahil sa malakas na bagyo at malalaking alon. Nais ng opisyal ng barko na patayin ang lahat ng mga bilanggo ngunit hindi ipinahintulot ni Julius, ang kapitan na huwag patayin ang mga bilanggo upang iligtas

si Pablo. Ang bawat isa sa barko ligtas na nakarating sa Malta.

- c. Gawa 28: 1-2. Tinanggap ng mga taga Malta si Pablo at ang kanyang mga kasamahan. Sila'y binigyan ng pagkain at nagsindi ng apoy upang sila'y mainitan. Nagpakita sila ng kabaitan sa estranghero.

#### D. PAGBABAHAJINAN

1. Sabihin sa bawat grupo na ibahagi ang kanilang ginawa.
2. Pagkatapos ng ulat, talakayin ang aralin at itanong ang mga sumusunod na katanungan:
  - a. Anong pagkakapareho ang umiiral sa pagitan ng mga bihag na Israel sa Babilonia at sa mga migranteng mga manggagawa na nasa mga dayuhang lupain? (Ang mga Israelita ay naghangad na bumalik sa Jerusalem at katulad ng mga migranteng manggagawa na mahabang panahon nawalay at nais nang makabalik sa kanilang mga pamilya at tahanan. Ang mga Israelita ay hindi maaaring nilang awitin sa Babilonia ang kanilang mga banal na awit sa Diyos at Ang mga migranteng manggagawa naman ay maaari lamang lumuha at tiisin ang kanilang pananabik sa kanilang mga mahal sa buhay.)
  - b. Paano makakatulong ang simbahan sa mga hirap na kalalagayan, ng mga migranteng manggagawa at sa kanilang pamilya sa kanilang komunidad? (Sumangguni sa mga grupong nagsasaliksik, nakakaunawa at sa mga ibapang grupo na may programa na nagtataguyod sa buhay ng OFW at magplano ang mga mag-aaral para sa posibleng pakikipagtulungan.)
  - c. Magkomento tungkol sa kabaitan na ipinakita ni Julius, ang centurion at ang mga tao sa Malta kay Pablo at sa kanyang mga kasamahan.
  - d. Palawakin ang iyong imahinasyon kung paano ang paraan at paano kumilos ang Diyos sa problema ng Israelita, ang mga bihag at ang mga bilanggo, kabilang si Pablo, sa panahon ng malakas na bagyo at sa panahon ng pagdating nila sa Malta. Paano natin maipakita ang kabutihan sa mga bagong kakilala o estranghero? (Hayaang ilista ng klase ang lahat ng posibleng paraan ng pagpapakita ng kabutihan sa iba, lalo na sa mga miyembro ng pamilya na naiwan ng mga migranteng manggagawa.)

#### E. ARAL MULA SA BIBLIYA

- Itanong:** Anong mga natatanging ministeryo ang ginagawa ng iglesya para sa mga migranteng manggagawa at sa kanilang mga pamilya? Bakit epektibo ang mga programang ito sa pagpapatibay ng pananampalataya ng bawat kaanib ng Iglesya?

#### F. PASASABUHAY

1. Ituro ang sauluhing talata: “Ang awit para kay Yahweh, paano naming aawitin, samantalang kami'y bihag sa lupaing hindi amin? Ayaw ko nang ang lira ko'y hawakan pa at tugtugin, kung ang bunga sa pagtugtog, limutin ang Jerusalem; di na ko aawit pa kung ang aking sasapitin sa isip ko't ika'y ganap na limutin, kung ang kaligayahan ko ay sa iba ko hahanapin.”  
(Mga Awit 137: 4-6)
2. Sabihin sa klase na gumawa ng mga plano sa pagkilos para sa mga paraan na nailista sa unang aktibidad. Hayaan silang ma- grupo ang kanilang sarili ayon sa kanilang kakayahan at ayon sa kanilang oras at panahon na pagtatalaga.

#### G. PAGTATAPOS

1. Sabihin sa klase na ipahayag ang kanilang mga saloobin sa sauluhing talata...
2. Paghahandog
3. Pangwakas na Panalangin:

"Mahal naming Panginoon, bilang Iyong mga tagapangasiwa ng Ebanghelyo, tulungan kaming ipakita Ang kabutihan katulad ng kung paano si Julius, ang senturion ay nagpakita ng kabaitan kay Pablo at kung paano tinanggap ng mga katutubo ng Malta ang mga estranghero sa kanilang lupain. Bilang mabuti kami sa iba, nawa'y matagpuan nila kami bilang kanilang "lugar ng kanlungan" at nawa'y madama nila na pinahalagahan sila mula sa aming mga puso at upang Makita nila na kayo ang aming Diyos ang naglagay nito sa aming mga puso na Iyong pinagpala. Sa pangalan ni Kristo, ito ang aming dalangin. Amen. "

*(Isinalin sa Tagalog ni Rev Migfred Taruc)*





**Ika-14 Linggo ng Pamamayani ng Diyos (14th Sunday in Kingdomtide)**  
**Ika- 26 ng Nobyembre 2017**  
 (Aralin para sa Matatanda)

***Ang Pag-ani sa mga Bunga ng Espiritu***  
 (Gathering the Fruits of the Spirit)

**ARALING TALATA SA BIBLIA**

Lumang Tipan: *Isaias 57:14-16 (MBB)*

*Ang sabi ni Yahweh:*

*"Ang mga hinirang ay inyong bayaang magbalik sa akin,  
 Ang bawat balakid sa daan ay inyong alisin;  
 Ang landas ay inyong gawin at ayusin."*

*"Ako ang dakila at Banal na Diyos---Diyos na walang hanggan,  
 Matataas na bundok at banal na lugar ang aking tahanan,  
 Sa mababang-loob at nagsisisi, ako ay sasama,  
 Aking ibabalik ang pagtitiwala nila at pag-asa.  
 Ako ang nagbigay ng buhay sa aking bayan,  
 Sila'y hindi ko patuloy na uusigin  
 At ang galit ko sa kanila'y hindi mananatili sa habang panahon."*

Bagong Tipan: *Efeso 5:17-21 (MBB)*

*Huwag kayong maging hangal, unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon. Huwag kayong maglalasing, sapagkat nakasisira iyan ng maayos na pamumuhay. Sa halip ay sikpin ninyong mapuspos kayo ng Espiritu Santo sama-samang ipahayag ang inyong damdamin sa pamamagitan ng mga salmo, mga imno at mga awiting espirituwal. Buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon lagi kayong magpasalamat sa Diyos at Ama dahil sa lahat ng bagay, sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Pasakop kayo sa isa't isa tanda ng inyong paggalang kay Cristo.*

2 Pedro 1:5-7 (MBB)

*Dahil ditto, sikapin ninyong idagdag sa inyong pananampalataya ang kabutihang-asal; sa kabutihang-asal, ang kaalaman; sa kaalaman, ang pagsupil sa sarili; sa pagsupil sa sarili, ang katatagan; sa katatagan, ang kabanalan; sa kabanalan, ang pagmamalasakit sa kapatid; at sa pagmamalasakit, ang pag-ibig.*

1 Corinto 12:1-11 (MBB)

*Ang Kaloob ng Espiritu Santo*

*Ang ipaliliwanag ko naman sa inyo ngayon ay ang tungkol sa Espiritu Santo. Mga kapatid, ibig kong maging maliwanag sa inyo ang mga bagay na ito. Noong hindi pa kayo sumasampalataya, kayo'y napapaniwala sa kung anu-anong mga diyus-diyusan na di naman nakakapagsalita- alam ninyo iyan. Kaya't ibig kong malaman ninyo na kailanma'y di masasabi ng sinumang kinakasihan ng Espiritu ng Diyos, "Sumpain si Jesus!" At hindi rin masasabi ninuman, "Panginoon si Jesus!" kung hindi siya pinapatnubayan ng Espiritu Santo. Iba't iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang*

*Espiritung nagkakaloob ng mga ito iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoon na pinaglilingkuran iba't iba ang mga Gawain ngunit iisa lamang ang Diyos na sumasalhat ng mga taong gumagawa ng mga iyon. Bawat isa'y binigyan ng kaloob na naghahayag na sumasakanya ang Espiritu, para sa ikabubuti ng lahat sa isa'y ipinagkaloob sa pamamagitan ng Espiritu ang kakayahang magpahayag ng mga aral ng Diyos, at sa isa'y ang kakayahang makaunawa ng aral ng Diyos, Ang iisang Espiritu ring iyon ang nagkakaloob sa iba ng malaking pananalig sa Diyos, at sa iba'y ang kapangyarihang magpagaling sa mga maysakit. May pinagkalooban ng kapangyarihang gumawa ng mga kababalaghan; may pinagkalooban naman ng kahusayan sa pagpapahayag ng salita ng Diyos. At may pinagkalooban din ng kakayahang makilala kung aling kaloob ang mula sa Espiritu at kung alin ang mula sa masamang espiritu. May pinagkalooban ng kakayahang magsalita sa iba't ibang wika, at sa iba naman, ang magpaliwanag niyon. Ngunit isa lamang Espiritu ang gumagawa ng lahat ng ito at namamahagi ng iba't ibang kaloob, ayon sa kanyang maibigan.*

### **PANGKALAHATANG TEMA**

Ang ministeryo ng iglesia ay nagpapakita ng presensya ng Espiritu sa buhay at gawain nito.

### **SUSING KAISIPAN**

*Ang kasiglahan ng ministeryo ng Iglesia ay sumasalamin ng pakikipisan ng Espiritu ng Diyos.*

### **PALIWANAG UKOL SA TALATA**

Ang teksto sa Isaias 57: 14-16, ay teksto mula sa panahon bago ang pagkabihag, ito ay nagpapahiwatig ng katiyakan ng Diyos sa mga tapat na nagsisisi at may mapagpakumbabang espiritu. Inulit ng teksto ang katotohanan ng matatag na kahabagan at pag-ibig ng Diyos para sa Kanyang bayan; laging nagpapakita ng kahabagan sa mga nananatiling mapagpakumbaba at nagsisisi kahit na sa harap ng iba't ibang tukso na naranasan nila sa kanilang kasaysayan. Sinasabi sa talata 16; “Ako ang nagbigay ng buhay sa aking bayan, Sila’y hindi ko patuloy na uusigin at ang galit ko sa kanila’y hindi mananatili sa habang panahon.” Ang pagkamahabagin at pagmamalasakit ng Diyos ay laging nangingibabaw kaysa sa pagkagalit at kahit na sa hindi naisakatuparang hustisya na hinihingi ng Diyos. Papaano nga ba kakatalunin ng Diyos ang kanyang mga likha at manatiling galit sa Kanyang sambayanan na Kanyang nilikha ayon sa Kanyang sariling larawan at wangis?

Nilalang ng Diyos ang lahat ng sangnilikha at pinagpala, inilarawan Niya ang lahat ng ito ay mabuti. Ang sangnilikha, kabilang ang sangkatauhan ay nagdadala ng tanda ng banal na Manlilikha yamang pinagpala Niya ang mga ito. Subalit, dahil sa kaloob na kalayaan na mula din sa Maylikha, ang tao ay natutukso sa mga malalaking pagkakataon at magpasiya kung ano ang mali at mamuhay ng ganap taliwas sa kalooban ng Manlilikha. Kaya, ang espiritu ng kasamaan at katigasan ng ulo ay sumulpot at ang mga tao sa pangunguna ng matataas na pinuno nila ay nagsimulang gumawa ng kasamaan laban sa isa't isa at kinalimutan at di inalintana ang kanilang sinumpaang tungkulin sa harap Diyos.

Ang mga tao ay naging masama sa harap ng Diyos at gumawa ng di-makatarungang mga bagay at pang-aabusong panlipunan lalo na laban sa dukha at mahihina at sinamba ang yaman at pangigingabaw ng mga dayuhan. Naranasan nila ang bunga ng kanilang masamang pamumuhay at dumaan sa paghihirap at sakit ng pagkakatapon (exile). Doon sa Babilonia sila ay naging lubhang desperado at nagsimulang maunawaan ang bigat ng kanilang nagawa, kung gaano sila nalayo sa paraan ng Panginoon, at sa tulong ng kanilang mga relihiyosong lider na kasama nilang bihag, sinimulan nila ang mahirap na gawing pagpapakumbaba at pagsisisi, magbalik sa pananampalataya ng kanilang mga ninuno, magsumamo muli sa Diyos para patawarin at pagpanumbalikin.

Sa kabilang banda, ang Diyos na nananatiling banal at maawain ay naalaala ang Kanyang mga pangako sa kanilang mga ninuno na nagpakita rin ng mga kahinaan sa iba't ibang mga paraan, natuto na magpakumbaba sa harap ng Diyos at patuloy na sinisikap na lumakad ayon sa makatarungan at matuwid na kalooban. Sa pagiging tapat ng Diyos sa Kanyang mga pangako sa kanila, ang Diyos ay mananatiling mahabagin sa mga taong mapagpakumbaba at nagsisisi sa kanilang sarili sa harapan ng Panginoon, sapagkat ang ating Diyos ay isang Diyos ng buhay at pag-ibig at hindi isang Diyos ng malupit na nagpaparusa.

Ang Efeso 5:17:21 samakatuwid, ay nagpapaalala sa atin, bilang tugon sa ginawa ng Diyos para sa atin na huwag maging hangal sa paraan ng pamumuhay sa araw-araw, kundi mabuhay nang etikal at moral bilang mga binago at pinatawad ng Diyos, upang palaging maunawaan at malaman ang kalooban ng Diyos para sa kabutihan ng pamayanan, mapuspos ng diwa ng Diyos sa lahat ng ginagawa natin bilang isang katawan na binuklod iisang pananampalataya at palaging magpasalamat sa Panginoon sa pamamagitan ng mga himno at awiting esirituwal, kailanman at saanman natin sambahin ang Diyos. Ito ang magiging ating natatanging pagsaksi para sa buong mundo habang isinasakatuparan natin ang ating misyon bilang isang sambahayan, isang pamayanan na tinawag ng Diyos. Ayon sa 2 Pedro 1: 5-7, dapat laging tayong magsumikap upang ipahayag ang ating pananampalataya taglay ang mga mabubuting katangian na nagbibigay hugis sa buhay ng komunidad na gaya ng hinubog sa pag-ibig; pag-ibig ng Diyos sa ating lahat at pag-ibig sa isa't isa lahat ng anak ng Manlilikha. Ito ang magpapalakas sa atin bilang mga mananampalataya, may kakayahan, at pinagkalooban ng kapangyarihan upang maisakatuparan ang tungkulin na ipagpatuloy ang misyon ni Cristo para sa pagbabago ng ating lipunan at ng buong sangnilikha.

### **GABAY SA MGA GURO**

Ang iba't ibang ministeryo ay nagpapakita ng isang masaganang bunga ng Espiritu mula sa halamanan ng isang Iglesyang sumasampalataya at tapat kay Kristo. Ang salitang Griyego ng ministeryo, diakonia, ay nangangahulugan ng paglilingkod. Ang porma ng paglilingkod ay iba-iba ayon sa panlipunan kalagayang kung saan matatagpuan ang Iglesya o kongregasyon. Halimbawa, ang mga pangangailangan sa isang rural na lugar ay maaaring maging kakaunti at pangkaraniwan lamang. Dahil sa matinding kakulangan sa kultural na oportunidad sa lugar, ang gawain ng pagtuturo at paghahanda sa mga kaanib upang epektibong makatugon sa mga pangangailangan ng mga iglesya at komunidad ay dapat maging pangunahing prioridad. Sa kabilang dulo, ang mga lugar urban ay kaibang hamon sa iglesya, tulad ng nagkukulang ng aktwal na presensya ng mga magulang (dahil sa pang-ekonomiyang pangangailangan) na pinalala pa malaganap impluwensya

ng mga computer gadget sa isip ng mga bata at kabataan. Ang magkakaugnay na gawain ng iglesya-- pagsamba, pangangaral, pagtuturo, pangangalagang pastoral, fellowship, pagkakatiwala, paglilingkod sa pamayanan, pagmamalasakit panglipunan—ay dapat isaalang-alang ang mga partikularidad ng kalagayan ng lipunan.

Ang iba't ibang ministryo ng iglesya ay nagpapakilala sa mas malawak na lipunan ang larawan ng darating na pamamayani ng Diyos. Ang pagsaksi ng iglesya sa pamayanan ay siya mismo buhay-ministryo nito na pinananatili, binigyang-buhay, at pinamamahalaan ng Espiritu. (*Isinalin sa Tagalog ni Rev Minerva Cabas*)

### LAYUNIN

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahan ang mag aaral na:

1. ipaliwanag ang kahulugan sa salitang Griyego na "diakonia";
2. Pagtibayin na ang kasiglahan ng mga ministryo ng iglesia ay sumasalamin sa presensya ng Espiritu ni Hesu-Kristo
3. Sabihin kung paano ginagamit ang espirituwal na mga kaloob upang tulungan ang iba; at
4. gumawa ng pasasalamat sa Diyos para sa mga kaloob na ito at gamitin ang mga ito upang maglingkod sa kapwa.

### MGA GAGAMITIN

Biblia (mungkahing version NRSV), worksheets

### MGA KASANAYANG PAGKATUTO (Learning Experiences)

#### A. PANIMULANG GAWAIN

1. Maligayang pagdadatingan at pagtanggap.....
2. Panimulang Panalangin: "Minamahal naming Diyos, pinasasalamat Ka namin sa maraming talento at mga kaloob na Ikaw ang nagbigay sa bawat isa sa amin. Bigyan Mo kami ng karunungan upang maunawaan ang Iyong layunin sa bawat isa sa amin at sa pagkakataon at kakayahan na gamitin ang mga kaloob na ito sa paglilingkod sa Iyo at sa aming kapwa. Ito ang aming panalangin sa pangalan ni Jesus. Amen. "
3. Panimulang Awitin: **To Others Share Your Many Gifts” (HFJ # 299)**

#### B. PAGHAHANDA

1. Ipagawa sa klase ang isang ehersisyo " Lihim na Pasasalamat sa kaibigan". Sabihin sa klase na minsan hindi nila napapasalamat ang mga tao na tumulong sa kanila nang direkta o hindi direkta (mga tagasanay, clerks, secretaries, street sweepers, opisyal ng trapiko, mga postal officer, driver). Hayaan ang klase na piliin ang mga taong nais nilang pasalamat ngunit kailangan nilang gawing isang paraan ng pagpapasalamat na lihim. Maaari nilang isulat ang kanilang mga plano ngunit isasagawa ang mga planong ito sa darating na mga araw ng isang linggo.
2. Itanong sa klase kung ano ang nadama nila kapag isinulat nila ang kanilang plano. Magtanong mula sa kanila kung binago ng pagsasanay na ito ang ng pagtingin nila sa mga taong ito at kung bakit.

### C. TALAKAYAN

1. Hatiin ang klase sa apat na grupo. Ang bawat grupo ay bigyan ng batayang texto na kanilang basahin at talakayin (Isaias 57: 14-16, Efeso 5: 17-21, 2 Pedro 1: 5-7, at 1 Corinto 12: 1-11). Sabihin sa bawat grupo na pag-usapan kung ano ang naiintindihan nila sa bawat teksto. Bigyan ng oras na ibahagi nila ang kanilang mga pananaw sa malaking grupo.
  
2. Matapos ang mga ulat, talakayin ang mga pananaw. Asahan ang mga sumusunod mula sa talakayan.
  - a. <sup>15</sup>“Ako ang Kataas-taasan at Banal na Diyos, ang Diyos na walang hanggan. Matataas at banal na lugar ang aking tahanan, sa mababang-loob at nagsisisi, ako ay sasama, aking ibabalik ang pagtitiwala nila at pag-asa. (Isaias 57:15). Kapag nagtitiwala tayo sa Diyos at mapagpakumbaba ang ating sarili sa kanyang harapan, madaming magagandang bagay ang darating.
  - b. Ang Diyos ay nagbibigay sa bawat tao ng iba't ibang mga kaloob at mga talento. Ang siyam na espirituwal na kaloob ay malayang ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Inaasahang reaksyon: Hindi tayo maaaring magyabang para sa ating mga talento at espirituwal na mga kaloob (1 Corinto 12: 4-8). Ang Diyos ay nagbibigay ng mga kakayahan na dapat gamitin sa paglilingkod sa kapwa. (1 Corinto 12: 7).
  - c. Ang mga Kristiyano ay kilala sa pamamagitan ng kanilang bunga (2 Pedro 1: 5-7). Nagpakita si Pedro ng isang "Naaayon, disiplinado sa espirituwal na paglago." Dahil ang Diyos ang nagbigay ng mga espirituwal na kayamanan kay Kristo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang ating responsibilidad ay lumalago sa kabanalan.
  - d. Si Pablo, sa kanyang liham sa Iglesia sa Efeso ay nagsabi sa mga Kristiyano na maging matalino (Efeso 5: 15-21) at hindi maging mga mangmang. Tinutulungan ng Diyos ang matatalino na paunlarin ang kanilang espirituwal na mga kaloob. Binibigyan tayo ng Diyos ng mga pagkakataong gamitin ito upang maglingkod sa kapwa.
  - e. <sup>11</sup> Ngunit isang Espiritu lamang ang gumagawa ng lahat ng ito at namamahagi ng iba't ibang kaloob sa bawat isa, ayon sa kanyang ipinasya. (1 Corinto 12:11) at ang mga kaloob na ito ay gagamitin upang paglingkuran ang Diyos at ang iba (Efeso 5:21). Kailangan ginagamit ng bawat tao ang mga kaloob na ibinigay sa kanya ng Diyos, kung magka gayun ang katawan ni Kristo ay nagaganap ng maayos.
  - f. Ang ministeryo na sa salitang Griyego, “diakonia”, ay nangangahulugang paglilingkod. Magkakaiba ang mga pamamaraan ng paglilingkod sang- ayon sa mga kalagayang panlipunan kung saan ang simbahan o isang kongregasyon nabibilang.

### D. PAGBABAHAĞINAN

1. Ginamit ni Isaias ang mga salitang mataas at mapagpakumbaba. Ihambing ang mga ito sa mga tuntunin ng posisyon ng Diyos at mga tao. (Ang Diyos ay kataas-taasan. Hindi kailanman maaabot ng tao ang supremacy ng Diyos. Ngunit ang Diyos, bagama't makapangyarihan sa lahat, ay nabubuhay sa mga mababang puso ng mga tao at hangga't mayroon silang mga mapagpakumbabang puso.)  
Ito ba ay napakabuti na maging totoo sa lahat?

2. Binanggit ni Pedro ang pangangailangan ng mga Kristiyano na lumago sa kabanalan.
  - a. Paano matutulungan tayo ng tamang pamumuhay na lumalago sa kabanalan? (Tamang pagganyak sa buhay Kristiyano ay mahalaga! Ang biyaya ng Diyos na ipinakita sa atin kay Jesu-Kristo ay naaayon para lumago sa espirituwal. Bagaman tama na hangarin ang pagpapala ng Diyos sa ating buhay, ang ating pamilya, at ang ating gawain, ang tamang paraan sa hangaring karapat dapat, ” Ngunit kayo ay isang lahing pinili, mga maharlikang pari, isang bansang hinirang, bayang pag-aari ng Diyos, pinili upang magpahayag ng mga kahanga-hangang ginawa niya. Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman patungo sa kanyang kahanga-hangang kaliwanagan.” (1 Pedro 2: 9)
  - b. Paano tayo matutulungan upang lumago sa kabanalan? (Upang maging masigasig kay Cristo, isa dapat na sabik, maalab, masigasig, mapagtiis, at nagsusumikap sa paggawa ng kanyang gawain. Sinasabi sa atin ni Pedro na gawin ang lahat ng pagsisikap upang isaalang-alang ang ating pananampalataya kay Jesu-Kristo bilang ating pundasyon sa paglilingkod sa Diyos at paggamit ng kaloob na ibinigay ng Diyos sa paglilingkod sa iba. May Diyos na binigyan tayo ng mga kinakailangang probisyon at mahusay na gumagana sa atin. Para sa ating bahagi, kailangan nating gawin at maglingkod para sa kanyang kasiyahan, lalo na sa Maka-Diyos na relasyon.
3. Pinapaalalahanan ni Pablo ang mga taga-Efeso na mabuhay nang matalino dahil si Kristo ay nasa atin at sa pamamagitan ng Banal Espiritu, binigyan tayo ng Diyos ng espirituwal na mga kaloob. Basahin ang sumusunod at ibahagi ang iyong mga saloobin kung paano ang mga bagay na ito ay makatutulong sa atin na mamuhay nang may kahusayan.
  - a. Gamitin ang oras para sa mahusay na layunin sa halip na pag-aaksaya sa mababaw na dahilan.
  - b. Gamitin ang pag-unawa ng kalooban ng Diyos na gawin ang mga bagay na magiging kalugud-lugod sa Diyos
  - c. Ang pagiging puspos ng Espiritu ay upang maging mabunga.
  - d. Pag-awit ng espirituwal na mga awit, na himig sa Panginoon mula sa ating mga puso.
  - e. Magpasalamat sa Diyos na kumikilala kung paano niya pinagpapala ang ating buhay at kasama natin sa paglakad.
  - f. Pakikipag-isa sa isa't isa, at paggalang sa mga kaloob sa iba, sa halip na hindi pagkakaisa para sa sarili lamang
  - g. Ang paggalang kay Kristo sa halip na walang pagkilala at paggalang sa Diyos
4. Bakit mahalaga ang pagkalinga ng Diyos sa mga makasalanan at mga nalilihis?
5. Ikaw ba at ang kongregasyon ay nagmamalasakit at umuunawa tulad ng Diyos sa mga makasalanan at sa mga nalilihis?

#### E. ARAL MULA SA BIBLIYA

**Itanong:** Paano ang kalakasan ng mga ministryo ng iglesia ay nagpapakita ng pagkakaroon ng Espiritu ng Panginoon?

#### F. PASASABUHAY

1. Ituro ang sauluhing Talata:”<sup>4</sup> Iba't iba ang mga espirituwal na kaloob, ngunit iisa lamang ang

Espiritung nagkakaloob ng mga ito. <sup>5</sup> Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran. <sup>6</sup> Iba't iba ang mga gawain, ngunit iisa lamang ang Diyos na kumikilos sa mga taong gumagawa ng mga iyon. <sup>11</sup> Ngunit isang Espiritu lamang ang gumagawa ng lahat ng ito at namamahagi ng iba't ibang kaloob sa bawat isa, ayon sa kanyang ipinasya. "(1 Corinto 12: 4-6, 11)

2. Hilingin sa klase na suriin ang kanilang sarili at alamin kung anong ministryong plano ng Diyos sa kanila upang maglingkod sa Diyos at sa kapwa. Ipakita ang mga sumusunod na ministryo at pumili ang bawat isa, batay sa kanilang pananampalataya at kagustuhan at kakayahang gamitin sang- ayon sa kanilang mga Kaloob.
  - a. Paaralang panlingguhan / Vacation Church School
  - b. Outreach Ministry
  - c. Children Ministry
  - d. Pagbisitahan
  - e. Ministeryo sa Musika
  - f. Drama / Pag-akto / pagpipinta / Sports Ministry
  - g. Bus / Van Ministry
  - h. Building at Grounds Ministry / Garden Ministry
  - i. Ministry of Food Preparation/Feeding Program
  - j. Pagmimisyon
3. Hilingin sa klase na tulungan ang simbahan sa pagrekrut ng mga miyembro na magagamit ang kanilang espirituwal na mga kaloob sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod:
  - a. Pananalangin para sa paghahayag ng Diyos
  - b. Pagtutugma ng mga kaloob ng mga miyembro para sa mga gawain
  - c. Pagbabahagi ng espirituwal na paglago sa mga kabataang miyembro ng simbahan

#### G. PAGTATAPOS

1. Paghahandog
2. Pagtatalaga na Awitin: **"To the Work"** (HFJ # 324)
3. Pangwakas na Panalangin:

"Mapagmahal na Diyos, pinasasalamat Ka namin sa pagbibigay sa amin ng kaloob ni Jesus. Salamat para sa pagpapaalam sa Banal na Espiritu na bigyan ang bawat isa sa amin ng mga natatanging kaloob at kakayahan. Pukawin Mo kami, patnubayan kami, at palakasin kami habang ginagamit namin ang mga kaloob na ito para sa Iyong kaluwalhatian, para sa pagkakaisa ng Iyong Katawan, at pagtulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos ayon sa Iyong kalooban. Sa pangalan ni Jesus, ito ang aming dalangin." Amen. *(Isinalin sa Tagalog ni Rev Migfred Taruc)*